ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA KARANASAN NG MGA BATANG MAMAMAHAYAG SA PUBLIKASYONG FILIPINO: ISANG KUWALITATIBONG PAG-AARAL

**Angel U. Delos Reyes**[1]

[1]*ORCID No. 0009-0000-7989-1165*

*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19766**
**DOI No: 10.36713/epra19766**

## ABSTRAK

*Layon ng papel na ito ang tuklasin at bigyan-diin ang naging buhay karanasan, mababatid ang ilang pamamaraan kung papaano nilagpasan ang iba't ibang hamon at kung paano hulmahin nang maayos ang isang sulatin, sangkot din nito ang mga pananaw ng mga kalahok para sa pamamahayag. Ang kuwalitatibong pag-aaral na ito, partikular na sa paraang penomenolohiya, malalim na nasusuri ang buhay karanasan, paraan o estratehiya na ginamit ng mga batang mamamahayag upang lagpasan ang bawat hamon na kanilang kinakaharap. Kasangkot ng pananaliksik na ito ang ilang batang mamamahayag na kasalukuyang sumasabak sa larangan ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino sa sekondarya ng Kapalong at Sto. Tomas. Bilang resulta sa pag-aaral na ito, lumilitaw ang mga hadlang sa pagbuo ng pahayag, karamihan sa kanila ay nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino, kahinaan sa pagbabaybay ng mga salita, at pagkakaramdam ng kaba para sa gagawing publikasyon. Subalit napapagtagumpayan ng mga batang mamamahayag ang kanilang mga hamong kinakaharap sa pamamagitan ng pagsali sa mga workshop seminar, pag-aaral sa copy reading at copy writing, pagbabasa ng mga printed materials sa Filipino, at paglalakbay sa online websites. Nakikitaan din ang pag-aaral ng mga samo't saring pananaw ng mga kalahok mula sa kanilang kabihasaan sa larang ng pamamahayag kabilang na ang pagpapahalaga sa pagbabalanse ng oras, kaalaman sa wikang Filipino bilang pinakadiwa sa kuwento, kahalagahan sa pagpapanatili ng integridad, at ang inobasyon sa pagkamalikhain.*

**MGA SUSING SALITA**: *batang mamamahayag, copy reading, integridad, online websites, penomenolohiya*

## INTRODUKSYON

Malaking salik sa panlipunang pagbabago ang mga batang mamamahayag, sila ang pinto tungo sa malalim na pag-intindi ng kapwa kabataanl sa pagbuo ng mga pahayagan. Bitbit ang bawat karanasan, malawak na kasanayan, at ang mahalagang pananaw bilang mga mamahayag para sa impormasyong hatid, hindi lang sa sariling kamalayan kundi para sa buong sambayanan. Samakatuwid, isang mabisa na paraan sa paghahatid ng kaalaman at impormasyon ang pamamahayag, habang ang isang mamamahayag na mag-aaral ay malalim na nagsasanay upang maayos na makakuha, makapili, makapagsulat, magrebisa at bumuo ng impormasyon at kuwento sa ilalim ng makatarungan, patas at pantay-pantay na pamamaraan. Gayunpaman, ang kabataang mamamahayag ay sinanay na ipahayag at isasalin ang kani-kanilang mga awtput, ito'y maaaring maghatid ng kanilang pananaw at saloobin sa mga wika, inihayag sa papel na ito kung paano nagmumuni-muni ang mga mamamahayag sa kanilang trabaho kapag isasaalang-alang ang mga nakakaapekto na salik sa kanilang gawaing pagpapahayag (Opiniano et al., 2021).

Sa bansang Ecuador ng South America, partikular na sa Universidad ng Guayaquil, lumalabas dito ang mga batang mamamahayag ay nahihirapan sa aplikasyon ng mga patakaran sa pagbaybay, mga marka ng bantas, semantika, at iba pang mahahalagang aspeto na dapat malaman ng bawat mag-aaral upang wastong gamitin ang pamamaraan sa pamamahayag na pagsusulat. Nagpakita ang mga resulta na marami pa sa mga mag-aaral ay may kakulangan sa pagsusulat dahil sa kawalan ng kasanayan at kaalaman sa bawat patakarang angkop, mga problema sa syntax, kaayusan, linaw, at katiyakan sa pagbuo ng mga teksto sa balita maging sa wikang gagamitin (Vergara & Dominguez, 2022).

Sa bansang Pilipinas, partikular na sa mababang paaralan ng Tiaong Quezon, lumilitaw bilang resulta ng pananaliksik na karamihan sa batang mamamahayag ay madalas nagkakamali at nahihirapan sa paggamit ng *subject-verb agreement*, paggamit ng pang-ukol, kahirapan sa wastong pagkakasunod-sunod na paglalahad sa mga salita, maayos na paggamit sa panghalip, paggamit ng bantas, at sa pagbaybay ng mga salitang gagamitin sa pagsusulat at pagbabahagi ng pahayag (Del Valle et al., 2022).

Kaugnay nito, dapat magsasagawa ng pananaliksik na nakatuon sa mga batang mamamahayag na may maingat na gampanin sa lipunan at maging sa pamamamahayag. Nagbibigay ito ng malalim nap ag-aanalisa sa karanasan ng mga batang mamamahayag sa larangan ng pampublikong pagsusuri sa Filipino. Mahalaga ito upang maunawaan ang kanilang mga karanasan, kontribusyon, at mga hamon na kanilang hinaharap sa larangan ng pagsusuri. Ang pag-unlad ng kabataang ito ay may mataas na posibilidad bilang malalim na implikasyon sa larangan ng midya at kultura sa bansa. Mahalaga ito sa pagpapahalaga ng kultura at identidad ng bansa, pati na rin sa pagsuporta sa kaunlaran ng kakayahan ng kabataan na maging bahagi ng pambansang midya. Makakatulong ito sa pagbibigay

ng tamang suporta at oportunidad sa kanilang paglago bilang mahahalagang sektor ng lipunan partikular na sa paaralan.

Sa karagdagan, maraming mga pag-aaral na lumilitaw hinggil sa mga nagiging karanasan ng mga mamamahayag. Karamihan sa naisasagawang pananaliksik ay nakasentro lamang sa kung paano nakakaapekto ang media sa pagbuo at pag-usbong ng kamalayang pampubliko na maipakita ang impluwensya ng media sa pagpapahayag ng mga isyu, paglinaw sa mga kaganapan, at pagpapahalaga sa iba't ibang perspektiba bilang papel ng media sa kamalayang Pampubliko (Grubi & Karameti, 2022). Iba pang pag-aaral binigyang diin ang kaganapan sa gitna ng panahon ng maling impormasyon at inaakala na naglalaman ito ng impormasyon ukol sa kanilang pagtingin ng mamamahayag habang lumalaban sa mga isyu ng katotohanan (Balod et al., 2021). Isa pang pag-aaral na may kaugnayan sa pamamamahayag, ngunit nakasentro lamang sa mga pagsasanay sa kung ano ang kahalagahan ng *copy reading* at *copy writing* (Patrimonio & Machutes, 2023). Samakatuwid, lumalabas na wala pang pag-aaral na masusing nasusuri ang perspektiba ng mga batang mamamahayag at maging daan para mas mapalalim ang ating pang-unawa sa mundo ng mga batang mamamahayag sa larangan ng publikasyong Filipino.

### Layunin ng Pag-aaral

Naglalayon ang penomenolohikal na pag-aaral na ito na galugarin at intindihin ang buhay na karanasan ng mga batang mamamahayag sa publikasyong Filipino na kasalukuyang nag-aaral sa Sto. Tomas at Kapalong National High School, mga publikong paaralan sa probinsya ng Davao del Norte. Sa yugtong ito ng pananaliksik, layon din nito na mababatid ang masining na kaparaanan ng bawat mamamahayag sa pagtawid sa bawat hamon, at kung paano hulmahin nang maayos ang isang artikulo at sulatin pati na rin ang kanilang pananaw ukol sa pamamahayag. Gayunpaman, ang publikasyong Filipino ay nakatutulong sa bawat mag-aaral na lumikha ng isang malakas na koneksyon at nagbubukas ng mga pintuan ng kaalaman at nagpapalawak sa kakayahan ng mag-aaral na maging masinop na tagapagpahayag at aktibong bahagi ng lipunan.

Sa karagdagan, ang penomenolohikal na pamamaraan ay ginamit upang masusing suriin ang mga karanasan ng mga mag-aaral bilang mga partisipante sa pag-aaral na ito. Layunin ng pagsasaliksik na ito na maipakita, maunawaan, at bigyan ng kahulugan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kwalitatibong paraan, tulad ng panayam, talakayan, at pagmamasid, upang makalikom ng mas malalim na kaalaman para sa pagsasaliksik (Bloor & Wood, 2006).

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

Pinamagatan ang pag-aaral na "Paggalugad sa Karanasan ng mga batang Mamamahayag sa Publikasyong Filipino." Bukod dito, nilalayon nito na masagutan ang katanungang nakapaloob, at ito ang sumusunod:

1. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino?
2. Paano nakayanan ng mga batang mamamahayag ang mga hamon sa publikasyong Filipino?
3. Ano ang mga pananaw ng mga batang mamamahayag para sa publikasyong Filipino?

## METODO

### Disenyo

Gumamit ang mananaliksik ng isang kuwalitatibong pagsusuri partikular na sa paraang penomenolohiya, upang makakuha ang masusing pag-unawa sa malalalim na pagsusuri ng mga karanasan at estratehiya na siyang itinataguyod ng mga mag-aaral para lagpasan ang mga hamon na kinakaharap ng mga batang mamamahayag sa publikasyong Filipino. Sa pangunahing diwa nito, ang penomenolohiyang pamamaraan ay nakatuon sa pagsusuri ng istraktura at nilalaman ng kamalayan o kung paano natin nauunawaan ang mundo at ang mga bagay dito mula sa perspektiba ng unang tao. Sa mas malawak na konteksto, ito ay naghahanap ng pagkakaugnay-ugnay ng mga karanasan, kasama ang kaisipan, damdamin, at pakikisalamuha sa lipunan, pati na rin ang mga aspekto ng mga bagay sa mundo na kaugnay ng kamalayan, ang wika na ginagamit upang maipahayag ang ating mga karanasan, at ang mas malalaking kultura na bumubuo sa ating paligid (Trace, 2017).

Sa kabilang dako, ang kuwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa iba't ibang paraan at metodo na nagpapaliwanag at nagmumula sa natural na sitwasyon ng paksa. Ipinapahiwatig na ang mananaliksik ay nakatuon sa pagsusuri ng mga bagay sa kanilang likas na kalakaran upang makuha ang kahulugan o interpretasyon ng mga phenomena na ibinabahagi ng mga tao. Ang kuwalitatibo na pag-aaral ay gumagamit ng nagkakaiba-ibang uri ng empirikal na materyales tulad ng personal na pag-aaral, personal na karanasan, introspeksiyon, mga kuwento ng buhay, pakikipanayam, obserbasyon, mga makasaysayang datos, mga ugnayan, at biswal na mga teksto. Layunin nito ang paglalarawan ng mga pangkaraniwang karanasan at isyu, pati na rin ang paghahanap ng kahulugan sa mga indibidwal na karanasan (Corte et al., 2019).

Dagdag pa, dahil ang pananaliksik na ito ay gumamit ng pamamaraang penomenolohiya, ito ay tinutukoy bilang isang paraan ng pagsasaliksik na layunin na maipaliwanag ang kahulugan ng mga karanasan sa pagsasalin wika sa pamamagitan ng pag-aaral nito mula sa perspektibo ng mga taong naranasan ang mga ito. Ang pangunahing layunin ng penomenolohiya ay upang ma ilarawan ang kahulugan ng karanasang ito, kasama ang aspeto ng kung ano ang naranasan at kung paano ito naranasan. May iba't ibang uri ng penomenolohiya, at ang bawat isa ay nagmumula sa iba't ibang pananaw sa kung ano at paano ang karanasan ng tao. Sa simpleng salita, ang bawat diskarte ng penomenolohiya ay nakabatay sa iba't ibang mga pilosopikal na pampalagay (Martimianakis et al., 2015).

Itinatag rin na ang pangunahing hamon ng penomenolohiyang pamamaraan ay ang pagiging partisipatibo sa pag-aaral ng karanasan ng isang tao sa ilalim ng isang penomena na naglalayong magbigay-diin sa mga pangunahing katangian ng mga hindi pangkaraniwang bagay na iyon. Ito ay nangangailangan ng pansamantalang pagtalikod ng mananaliksik sa kanyang sariling pananaw, paniniwala, at mga

haka-haka upang makapokus sa karanasan ng mga kalahok sa mga bagay na hindi pangkaraniwan at maunawaan ang diwa ng mga hindi pangkaraniwang bagay na ito. Isa sa mga mahalagang kontribusyon ni Husserl sa pilosopiya at agham ay ang pamamaraang kanyang itinatag na nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na ilayo ang kanilang sarili mula sa natural na pag-uugali at kamalian na pag-unawa sa isipan ng tao at magbukas ng larangan ng *transcendental subjectivity* bilang isang bagong aspeto ng pagsusuri (Staiti, 2012; Lopez, 2004).

Gagamitin dito ang tiyak na penomenolohiyang paggalugad dahil ito ay nagbigay daan sa mananaliksik na unawain ang kakanyahan ng karanasang ibinigay ng mga kalahok. Dagdag pa, ang isang penomenolohikal na pananaliksik ay nagbabalangkas ng isang laganap na konotasyon sa pagitan ng mga kalahok sa pag-aaral at ang kanilang mga buhay na karanasan sa isang partikular na panahon. Samantala sa pananaliksik na ito, isinusugod ang ideyang lubos na makatulong sa pananaw na makukuha sa pamamagitan ng isang *closed-question survey*. Ang kasangkot na kalahok ay malayang magbabahagi ng kanilang mga karanasan, kaisipan, at damdamin nang walang takot mahusgahan. Ang penomenolohikal na dulog ay mainam na diskarte sa pananaliksik, ito ay nagpapahintulot sa mananaliksik na balikan ang mga tugon na ginawa ng mga kalahok sa *real-time*, pagbuo ng isang *valuable* na diyalogo na umiikot sa paksa- *something that a structured survey cannot do* (Tiley, 2017).

Ang kahalagahan sa partikular na pananaliksik ay siyasatin ang mga nagiging buhay ng mga mag-aaral bilang Isang batang mamamahayag sa sa paaralan ng *Kapalong National High School* at *Sto. Tomas National High School* na kasalukuyang nakikipagbuno sa publikasyong Filipino. Gayunpaman, ang mananaliksik ay dapat na magtanong sa isang serye ng iba't ibang mga katanungan upang makuha ang buong kahulugan ang mga karanasan ng mga kalahok.
Mahigit dito, ang pamamaraang ito ay isinagawa sa pamamagitan ng *in-depth interview* at *focus-group discussion* upang makuha ang mga datos ukol sa karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag. Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga interaksyon sa mga tao upang mailahad ang kanilang mga iba't ibang pananaw at maipakita ang kanilang mga damdamin at karanasan hinggil sa pamamahayag para sa publikasyong Filipino.

**Tungkulin ng Mananaliksik**
Ang mananaliksik ay kinilala bilang isang instrumento sa proseso ng pangangalap ng datos sa kwalitatibong pag-aaral. Ito ay nagsilbing isa sa mga instrumento sa halip na mga imbentaryo, talatanungan, o makina. Higit pa rito, dapat
ilarawan ng mananaliksik ang mga nauugnay na aspekto ng sarili, tulad ng anumang
mga *bias* at pagpapalagay, inaasahan, at karanasan, upang maging kwalipikado ang
kanyang kakayahang magsagawa ng pananaliksik (Denzin & Lincoln, 2003).

Sa pag-aaral na ito, ang papel ng mananliksik ay napakahalaga para sa pag-unlad at pagkompleto ng pag-aaral. Tulad ng pinagtatalunan nina Sutton at Austin (2015), ang pangunahing tungkulin ng mananaliksik sa mga pag-aaral ng husay ay upang subukang pasukin ang mga iniisip at damdamin ng mga kalahok sa pag-aaral. Tungkol sa mga pangunahing tungkulin, sinunod ng mananaliksik ang mga prinsipyo na nagsasaad na ang kwalitatibong pag-aaral ay para sa mananaliksik na handing maglaan ng mahabang panahon upang mangolekta ng mga datos, nakikibahagi sa pagsusri ng mga datos, gumawa ng *reflexivility***,** at sumulat ng mahabang sipi nang mag-isa. Kaya naman, ang mananaliksik ay gumanap ng maraming tungkulin tulad ng tagapanayam, *transcriber*, tagasalin, *analyst*, *encoder* at *moderator* (Cornin at Strauss, 2014).

Bilang tagapanayam sa *In-depth Interview* (IDI), ang mananaliksik ay naipakita ang empatiya at interes na gawing aktibo ang mga kalahok sa kanilang pagkukuwento batay sa kanilang mga personal na karanasan na magpapasigla din sa kanila na sabihin ang kanilang mga opinyon. Itinatag din muna ng mananaliksik ang nakakaaliw at nakakaengganyong pakikipagkaibigan sa mga kalahok at mapagkumbaba silang hikayatin na lumahok sa pag-aaral. sinasabi ng mananaliksik ang katotohanan na ang bawat mananaliksik ay lumalapit sa kanilang pananaliksik nang walang tiyak na pagkiling batay sa mga personal na karanasan (Cresswell, 2009).

Bilang *transcriber*, isinalin ng mananaliksik ang lahat ng impormasyon sa mga naitalang panayam, at isalin nang tama at ayusin ang mga ito sa mga pahayag sa Filipino. Panghuli, bilang isang *analyst*, ang mananaliksik ay gagamit ng angkop ng mga pamamaraan ng pagsusuri at mga pamamaraan na akma para sa kwalitatibong pananaliksik tulad ng *thematic analysis*, *numeration*, at *cross case analysis*. Batay sa mga konsepto nina Corbin at Strauss (2014), tungkulin ng mananliksik na bigyang kahulugan ang mga nakatagong kahulugan ng mga nakalap na datos dahil ang mananliksik ang pangunahing kasangkapan sa pangangalap at pagsusuri ng datos.

Sa panahon ng pangangalap ng datos, sinabi ni Cresswell (2012), na ang layunin ng isang kwalitatibong pag-aaral ay mabisang masagot ang mga tanong sa pananaliksik kaya mahalag na linangin ang isang kapaligiran kung saan ang mananaliksik at mga kalahok ay bumuo ng isang malalim na pananaw ukol sa paksa ng pananaliksik. Bilang resulta, ang isang mananaliksik ay dapat magpasya sa mga pamantayan at kung sino ang mga kalahok sa pag-aaral, kung gaano karaming mga kalahok ang kailangan, at kung anong pamamaraan ang kailangan upang ang mananaliksik ay makakuha ng mga datos mula sa mga indibidwal na kalahok sa pag-aaral. Bilang karagdagan, higit na mahalaga na nauunawaan ng mananaliksik ang kahalagahan ng pagtatag ng isang mabisang ugnayan sa pagitan ng mananaliksik at mga kalahok habang ginagawa ang pagtatanong at bigyang halaga ang etikal na pamamaraan na magpoprotekta sa mga kalahok.

Dagdag pa, sa panahon ng pangongolekta ng mga datos, mahalagang tandaan ang pagiging kompidensyal ng mga kalahok. Tinalakay ni Kaiser (2009) na ang pagiging kompidensyal ay tumutukoy sa sitwasyon kung saan alam ng mananliksik ang pagkakakilanlan ng kalahok ngunit

nagsasagawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang pagkakakilanlan mula sa pagtuklas ng iba. Ang mananaliksik ay maaaring gumamit ng iba't ibang diskarte upang itaguyod ang etikal na pag-uugali. Halimbawa, panatilihing lihim ang mga talaan ng pananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng mga protektadong dokumento.

**Mga Partisipante sa Pananaliksik**

Ang mga partisipante sa pag-aaral ay ang labing-apat na partisipante mula sa Kapalong National High School (KNHS) at Sto. Tomas National High School (STNHS), parehong mga publikong paaralan ng Davao del Norte, ang kinapanayam na kung saan ito ay masusing pinili ng mananaliksik ang magiging partisipante na kasalukuyang sumasabak sa larangan ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino. Ang pitong (7) kalahok ay napabilang sa *In-depth Interview* (IDI) habang ang ibang pito (7) naman ay sa *Focus-group Discussion* (FGD). Ang tinutukoy na bilang na ito ay ayon sa mungkahi ni Creswell (2013) na ang pinakamainam na bilang ng mga kalahok sa isang kwalitatibong pag-aaral ay mula 3-15 na mga kalahok. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng ganitong pamantayan ng bilang mga kalahok sa isang kwalitatibong pag-aaral, ang target na impormasyong kinakailangan ay makakamit lalo na sa proseso ng pagkokolekta ng data.

Napili ang mga kalahok dahil sa kanilang kakayahang magbigay ng mahalagang impormasyon, sumagot sa mga tanong ng pananaliksik, at magpaliwanag nang mas malalim tungkol sa natatanging paksa ng pag-aaral (Kuper et al., 2008). Sa pakikipanayam, pinili ang labing-apat (14) batay sa hakbang na gagawin upang galugarin at maunawaan ng lahat ng mga karanasan, hamon, mekanismo ng pagharap, at mga pananaw ng mga kalahok tungkol sa pamamahayag. Dagdag pa nina Mira Crouch at Heather Mckenzie, mga makatang may-akda sa lohika na ang paggamit ng mas kaunti sa 20 kalahok ay magbubunga ng higit na mahusay na datos para sa isang kwalitatibong pag-aaral upang magtatag ng mapagkakatiwalaang ugnayan sa iyong mga kalahok na nagreresulta sa mas bukas na talakayan at higit na mahusay na datos.

Ang *sampling* para sa pag-aaral na ito ay *purposeful sampling* upang matukoy ang mga piling kalahok para sa bahagi ng pakikipanayam sa pag-aaral na ito. Ang partikular na *criterion sampling* na ito ay may posibilidad na gumana nang mas mahusay dahil lahat ng mga kalahok ay nakaranas ng parehong penomena na kasalukuyang pinag-aaralan. Samakatuwid, ang *purposeful sampling* ay nagbigay ng kasiguruhan sa mga datos, pinahusay ang kalidad ng kasiguruhan, at pinahihintulutan ang mananaliksik na pumili ng mga kalahok batay sa partikular na pamantayan (Cresswell et al., 2016).

Higit pa rito, napili ang mga mag-aaral sa sekondarya upang ang pag-aaral ay kumatawan sa mas makatotohanang mga resulta. Ang lahat ng mga hakbang na ito ay isinagawa upang matiyak na ang pagsasagawa at ang pagtuklas ng pag-aaral ay may mataas na kalidad.

**Pagkolekta ng Datos**

Ginamit ng mananaliksik ang mga gabay na katanungan sa panayam bilang pangunahing instrumento sa pagkuha ng datos para sa pananaliksik na ito. Ang talatanungan ay sumailalim sa masusing internal at eksternal na balidasyon ng mga eksperto sa kwalitatibong pananaliksik.

Habang isinasagawa ang pag-aaral, ang mga konsepto, pamamaraan, at kagamitan sa pangangalap ng datos ay patuloy na iniangkop at inayos. Ang kwalitatibong pananaliksik ay binubuo ng mga teknik na nagbibigay-kahulugan sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsusuri, pagsasalin, at pagbibigay ng natural na interpretasyon. Ang pangangalap ng datos, bilang isang mahalagang aspeto ng pananaliksik, ay isinasagawa sa bawat yugto ng pag-aaral. Ang proseso ng pagkolekta at pagsusuri ng impormasyon ay naglalayong sagutin ang mga pangunahing tanong sa pananaliksik na nakapaloob sa gabay ng panayam at masusing suriin ang mga resulta ng pag-aaral (Creswell, 2013).

Matapos maaprubahan ang paksa, magsasagawa ang mananaliksik ng mga partikular na hakbang at pagsasaalang-alang sa pagkuha ng datos at mga kaugnay na impormasyon para sa pag-aaral. Ang mabuting tugon mula sa mga kalahok, na bibigyan ng isang pormal na liham, ay binigyang-priyoridad sa pananaliksik na ito. Ang mga detalyadong hakbang at pamamaraan na ipapatupad ng mananaliksik ay nakatala sa ibaba. Ang lahat ng ito ay isasagawa upang matiyak na ang mga resulta ng pag-aaral ay magiging tumpak at maaasahan. Gumawa ang mananaliksik ng mga liham pahintulot mula sa *Schools District Supervisor* (SDS), *Public Schools District Supervisor*, at sa mga Principal ng paaralan kung saan isasagawa ang pag-aaral matapos itong maaprubahan ng lahat ng mga panelist.

Matapos makumpleto ang liham ng pahintulot, nagtungo ang mananaliksik sa paaralan kung saan niya isasagawa ang kanyang pananaliksik. Kinuha muna ang mga pirma ng kanyang *research adviser* at ng *research director* bago pumunta sa *research office* para sa pag-apruba.

Ang ikalawang hakbang na gagawin ng mananaliksik ay ipaalam sa mga kalahok ang tungkol sa pag-aaral. Ibibigay ng mananaliksik ang mga liham nag naglalaman ng pahintulot at kasunduan at hihilingin sa mga kalahok na basahin ito. Pagkatapos, kung sasang-ayon ang mga kalahok dito, pupunan nila ang mga *form* at lalagda bilang patunay na boluntaryo ang kanilang paglahok at handa silang ibahagi ang kanilang kaalaman para sa tagumpay ng pag-aaral.

Ang pangatlong hakbang na gagawin ng mananaliksik ay makipagkita sa mga kalahok nang hiwalay upang matiyak na lihim ang pagkakailanlan ng mga kalahok. Nang makilala ang mga kalahok, bibigyan sila ng mananliksik ng pangkalahatang ideya at layunin ng pag-aaral. Bukod pa, tatalakayin din ng mananaliksik ang mga karapatan at prebilehiyo ng mga kalahok na kinabibilangan ng kanilang mga karapatan para sa pagiging kumpidensyal, kalayaang umatras sa tungkulin, at marami pang iba. Ang hakbang na ito ay gagawin upang tiyak na maunawaan ng mga kalahok ang kanilang tungkulin sa pag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang ika-apat na hakbang ay ang mga bagay na gagawin ng mananaliksik sa panahon ng isang pakikipanayam. Bago magsimula ang panayam, hihingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kalahok na itala ang kanilang mga pag-uusap sa pamamagitan ng *voice recorder*. Pagkatapos nito ay irerekord ng mananaliksik ang lahat ng kanilang mga pag-uusap mula simula hanggang sa matapos nang walang putol.

Ang huling hakbang na gagawin ng mananaliksik ay ang pagsalin ng mga datos sa nakasulat na anyo. Pagkatapos, kung ang mga kalahok ay gumagamit ng wikang ingles o bisaya, kinakailangan na isalin ito ng mananaliksik sa wikang Filipino. Pagkatapos nito ay susuriin ng mananliksik ang datos at tutukuyin ang mga umuusbong na tema at pangunahing ideya. Habang i-imprenta ng mananaliksik ang mga pahayag ng mga kalahok, bibigyan niya ang bawat isang kalahok ng kopya nito na kung saan tanging silang dalawa lamang ang nakakaalam upang mapanatili ang pagiging kumpedinsyal ng pagkakakilanlan ng kalahok at ng mga datos. Matapos makumpleto ang pananaliksik, buburahin ng mnanliksik ang lahat ng bidyu at *voice records* ukol sa panayam upang maiwasan ang aksidenteng pagkalantad ng mga datos.

**Pag-aanalisa ng mga Datos**

Ang nahagilap na datos ay ilalahad at susuriing mabuti upang matugunan ang mga layunin at pangangailangan ng pag-aaral. Ibig sabihin, ang mga tugon mula sa mga kalahok ay masusing pag-aaralan upang makuha ang mga kasagutan sa mga tanong ng pananaliksik. Ang pangunahing layunin ng pagsusuri ng datos ay tukuyin ang mga karaniwang pattern na magpapakita ng mga konseptong tutugon sa mga isyung inilahad sa pananaliksik. Ang ganitong uri ng datos ay nakatuon sa kalidad at interpretasyon, sa halip na sa dami o numero. Ang mga isahang panayam, obserbasyon, at iba pang katuladd na panayam ay ginagamit upang mangalap ng ganitong uri ng datos. Sa *statistics, categorical data,* o impormasyon ay ihahanay base sa karakter at katangian ng isang bagay o phenomena (Surendan, 2020).

Bilang resulta, isasalin ng mananaliksik ang impormasyon, isasalin ang mga panayam, itatala ang impormasyon, at lagyan ng label ang mga materyales upang mas maging madali at maayos. Upang matiyak na malinaw ang pagkakasulat ng mga tala at paglalarawan, sinusuri din ng mananliksik ang mga datos na kokolektahin.

Ang bawat impormasyon na kinakailangang suriin sa pananliksik ay dapat ibatay sa mga datos na direktang manggagaling sa mga kalahok. Bukod pa, ang koleksyon ng mga tugon na sumasalamin sa mga tanong sa pananaliksik ay payak na pinili upang maging *anchor* sa pangunahing paksa ng pananaliksik. Upang matamo ang pagiging balanse ng *subjectivity* at *objectivity*, isasantabi ng mananliksik ang anumang *preconceptions* (Cresswell, 2012).

Pagkatapos makakalap ng iba't ibang impormasyon, sistematikong gagamitin ang pagsusuri ng kwalitatibong content sa pag-aayos ng mga datos na makakamit sa amamagitan ng pagtatrabaho, pag-oorganisa at paghahati sa pamamahala, pag *synthesize*, paghahanap ng mga pattern, pagtalakay sa kung ano ang mahalaga at kung ano ang dapat matuthan. Kaya higit itong nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri sa mga raw data na may lohikal na kahulugan ng mga kategorya (Biklen & Bogden, 1982).

Ang mananaliksik ay nagpatuloy sa pagsusuri ng datos gamit ang tematikong pamamaraan. Ang prosesong ito ay mahalaga sa pagbibigay-kahulugan at pagsasaayos ng mga temang natuklasan sa datos (Akinyode, 2018). Sa tematikong pagsusuri, binibigyang-pansin ng mananaliksik ang pagsusuri sa teorya upang matiyak na ang mga detalye nito ay nauugnay sa interpretasyon ng kaso. Ang ganitong paraan ay karaniwang ginagamit sa pag-aaral ng kwalitatibong pananaliksik. Ipinaliwanag din sa artikulo kung paano maaaring sundan ng mga bagong mananaliksik ang sunud-sunod na hakbang sa pagsasagawa ng tematikong pagsusuri. Ayon kina Braun at Clarke (2006), ang prosesong ito ay isang pangunahing teknik sa pagsusuri na naglalayong tukuyin at bigyang-diin ang lakas at kalidad ng kwalitatibong pananaliksik.

Sa pagsasagawa ng aking pag-aaral, kasama sa aking pamamaraan ang tematikong pagsusuri ng datos. Layunin nito ang pag-pokus, pag-identipika, at paglalarawan ng mga ideya na maaaring *explicit o implicit* na makita sa aking mga nakalap na datos, na makakatulong sa pagkilala at pagsasaayos ng mga temang lumitaw. Ginamit ko ang mga itinakdang *code* gamit ang aking sistema ng *coding* upang maipakita at mailarawan ng maayos ang mga tema na nakita sa aking mga datos. Ang aking inaasahan ay ang makakatulong itong proseso ng tematikong pagsusuri sa pagsasalin ng mga pahayag at kahulugan mula sa mga panayam ng mga partisipante. Ang mga *code* na aking ginawa ay nag-ambag ng malaki sa maingat na pagbuo ng mga temang nagmula sa aking pagsusuri, na naglalayong malinaw na maipahayag ang mga pagsubok at problema na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagsusulit.

**Pagkamapagkakatiwalaan at Kawastuhan ng Pag-aaral**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, isinusulong ang pagiging tapat at mapagkakatiwalaan sa pag-uulat ng mga resulta. Mahalaga na maipakita kung paano nakuha ang mga resulta. Kinakailangang tiyakin na ang mga mambabasa ay maayos na makakaintindi ng pagsusuri at magkakaroon ng importansya ang mga natuklasan na konklusyon. Sa buong proseso ng pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral na ito, ang mga sagot ng mga kalahok at impormante ay itinuturing na mahalaga. Ang mga datos na isinalin ay susuriin at pag-uusapan nang masusi upang matiyak na tama ang pagsalin base sa mga datos na ibinahagi ng mga kalahok.

Ang mga kritisismo ukol sa kakulangan ng kawalang-kinikilingan at pangkalahatan ay karaniwang kaugnay ng kwalitatibong pamamaraan. Ang pagsusuri ng mga datos ay hindi laging inilalantad nang buo dahil sa kalikasan ng pamamaraang ito. Madalas itong magdulot ng pag-aalinlangan tungkol sa kredibilidad ng nakalap na datos at kung sapat na ito para suportahan ang mga alegasyon o kahit na ang mga natukoy na resulta, kaya't mahalaga ang masusing pag-aaral bago mai-publish (Sommerville, 2016).

Napakahalaga na bigyang-diin ang kahalagahan ng tiwala sa pagsusuri, lalo na kung ang datos ay inuugma sa pamamagitan ng indektibong content analysis, kung saan binubuo ang mga kategorya mula sa mga orihinal na datos nang walang umiiral na teorya o framework na nagtutukoy sa mga ito. Sa konteksto ng pagsasaliksik na ito, mahigpit kong pinaninindigan ang kahusayan ng mga datos na ipinakita sa pag-aaral, at itinatampok ang kanilang kawastuhan sa pamamagitan ng paggamit ng mga opisyal na rekord ng mga boses ng mga kalahok. Layunin nito na bigyan ng kompiyansa ang mga partisipante na hindi ko babaguhin o aalisin ang mga datos na kanilang ibinahagi.

Habang may iba't ibang interpretasyon ang iba't ibang mananaliksik hinggil sa kahulugan ng mapagkakatiwalaang datos, ang konsepto ng pagiging mapagkakatiwalaan ay nagmumula sa kalidad, pagiging tunay, at katotohanan ng mga natuklasang impormasyon sa makabuluhang pagsasaliksik. Ito ay nauugnay sa antas ng pagtitiwala o kumpiyansa na ibinibigay sa mga resulta. Dahil dito, ipinakita ang apat na magkakaugnay na termino sa natural na paradaym upang palitan ang mga termino ng mapanuring pamantayan: kredibilidad, transferabilidad, pagkamaaasahan, at kumpirmasyon. Bawat isa sa mga ito ay nagpapakita ng mga hakbang o pagsusuri na kinakailangang isagawa sa proseso ng pagsasaliksik upang mapanatili at matiyak ang tiwala ng mga kalahok (Cypress, 2017).

**Kredibilidad.** Ang koneksyon ng mananaliksik sa mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino ay nangangailangan ng isang kapani-paniwala at makatotohanang mga paraan ng pagkolekta ng datos mula sa mga mag-aaral na nakaranas nito. Nakatuon lamang ang mananaliksik sa mga mag-aaral nay malaking kontribusyon at karanasan sa larangan ng pamamahayag.

Sinusuri ang kredibilidad ng isang pag-aaral kapag ang mga kapwa mananaliksik o mambabasa ay nagpapakita ng interes sa mga karanasan na inilahad at maaari nilang maunawaan ito. Ang kredibilidad ay nagpapakita ng "kapani-paniwala" o "kaisahan" ng pananaw ng mga kalahok at ng paglalarawan ng mananaliksik sa kanilang mga karanasan. Ipinapakita ng ilang paraan ang maaaring gamitin upang masiguro ang kredibilidad. Ito ay kinabibilangan ng matagal na pakikipag-ugnayan sa mga kalahok, paulit-ulit na pagsusuri o pagmamasid, triangulasyon sa pagkolekta ng datos, triangulasyon sa pag-aanalisa ng mananaliksik, at *peer debriefing* na nagbibigay ng panlabas na pagsusuri sa proseso ng pananaliksik. Ang pagsusuri sa sapat na sanggunian ay isang paraan din upang tiyakin ang kredibilidad ng mga natuklasan at interpretasyon na nakabatay sa mga orihinal na datos. Bukod dito, ang kredibilidad ay maaaring mapalakas sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri ng mga kasapi upang subukan ang mga natuklasan at interpretasyon kasama ang mga kalahok.

Sa mga nabanggit na pahayag, ang kredibilidad ay tumutukoy sa tiwala na maaaring maibigay sa katotohanan ng mananaliksik sa mga natuklasan sa kanyang pananaliksik. Ipinapahiwatig ng kredibilidad ang pangyayaring ang mga natuklasan sa pananaliksik ay nagpapakita ng totoong impormasyon mula sa orihinal na datos na nakuha mula sa mga kalahok at isang wastong interpretasyon ng orihinal na pananaw ng mga kalahok (Anney, 2014).

**Paglilipat.** Ayon kina Lincoln at Guba (1985), ang konsepto ay tumutukoy sa kakayahang mailipat o magamit sa ibang konteksto ang mga resulta ng pananaliksik na ito. Upang matugunan ang aspektong ito, inilakip sa bahagi ng Apendiks ang mga nasuring datos at mga dokumentong tumugon sa mga tanong ng pananaliksik. Ang mga ito ay maaaring maging gabay para sa mga mambabasang may katanungan tungkol sa pag-aaral. Bukod dito, makatutulong ang mga natuklasan, konklusyon, at implikasyon ng pananaliksik sa iba pang mga mananaliksik bilang basehan para sa kanilang mga susunod na pag-aaral.

**Pagkamapananaligan.** Ang konsepto ng pagkamapananaligan ay isang aspeto ng pagsusuri sa kalidad ng mga hakbang na isinagawa sa pagkolekta, pagsusuri, at pagsasalaysay ng mga nakalap na datos. Ito ay tumutukoy sa pagtukoy kung gaano kapani-paniwala at kredible ang mga impormasyon na nakuha mula sa pananaliksik.

Ang **pagpapatunay** ay ang proseso ng pagsusuri kung paano pinapalakas at pinagtitibay ng mga nakalap na datos ang mga resulta ng pag-aaral (Lincoln & Guba, 1985). Upang matugunan ang kredibilidad at pagpapatunay sa pananaliksik na ito, inilagay ko ang mga tugon sa audit trail, kung saan tinitiyak na ang mga personal na impormasyon ng mga kalahok ay nanatiling kumpidensyal. Matapos maisulat at mailipat sa papel ang mga naitalang tugon mula sa mga impormante, ibinalik ko ito sa kanila para sa pagsusuri at pagwawasto, at ipinakuha ang kanilang mga pirma bilang patunay ng kanilang pag-apruba sa mga nasabing tugon.

Sa ganitong paraan, naitaguyod ang pagkamapananaligan at pagpapatunay sa aking pananaliksik upang matiyak ang integridad ng mga nakalap na datos at natuklasang impormasyon.

**Pagsasaalang-alang sa Paniniwalang Moral**

Ang pagsasaalang-alang sa mga prinsipyong etikal sa anumang uri ng pananaliksik ay isang mahalagang aspeto. Ito rin ay may partikular na kahalagahan sa kwalitatibong pagsasaliksik dahil sa kanyang likas na komplikadong proseso. Sa kwalitatibong pagsasaliksik, may mga umiiral na mga gabay ng etika na karaniwang nagbibigay ng pangkalahatang prinsipyo kaysa sa detalyadong pamamaraan ng pagsasaliksik, lalo na kapag may pakikipanayam sa mga grupo ng mag-aaral na may mga modernong hamon sa edukasyon. Ang pagsasaalang-alang ng mga aspeto ng etika ay kritikal sa lahat ng mga kwalitatibong pag-aaral upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng mga potensyal na panganib ng pagsasaliksik at ang mga potensyal na benepisyo nito (Arifin, 2018).

Bukod dito, ang sampung prinsipyong etikal na ito ay nagpapakita ng mga pangunahing alituntunin kaugnay ng etika sa mga disertasyon. Kinakatawan nito ang mga mahahalagang prinsipyo tulad ng pag-aalaga sa kaligtasan at karangalan ng mga kalahok sa pananaliksik, pagkuha ng buong pahintulot

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mula sa mga kalahok, at pangangalaga sa kanilang karapatan sa pagkapribado. Dapat itiyak ang tamang antas ng pagiging kompidensiyal ng mga datos ng pananaliksik. Hindi dapat mangyari ang pagpapakilala o pag-expose ng personal na impormasyon ng mga indibidwal o grupo na kasali sa pagsasaliksik. Ipinapakita rin nito na dapat iwasan ang anumang uri ng manipulasyon o pagmamalabis sa mga layunin at motibasyon ng pagsasaliksik. Kailangang ideklara ang anumang posibleng salungatan ng interes o kumpetisyon. Lahat ng komunikasyon kaugnay ng pagsasaliksik ay dapat gawin nang may integridad at kalinawan. Sa huli, dapat iwasan ang anumang uri ng maling interpretasyon o pagpapakita ng pangunahing natuklasan sa isang hindi patas na paraan (Bryman at Bell, 2007).

Narito ang isang halimbawa ng paunang hakbang na maaaring gawin ng isang mananaliksik sa pagpapahintulot para sa kanyang pag-aaral. Unang hakbang, ang mananaliksik ay magpapadala ng isang liham-patnugot sa paaralan upang humiling ng pahintulot na isagawa ang kanyang pag-aaral at magkaroon ng pakikipanayam sa mga mag-aaral na maaaring maging kalahok sa kanyang pagsasaliksik. Ang hakbang na ito ay nagpapakita ng kanyang pag-aalala sa mga aspeto ng pagtitiwala, respeto, katarungan, at responsibilidad sa kanyang pananaliksik. Sa kabila nito, ang kanyang pangunahing hangarin ay ang kaligtasan at proteksyon ng mga kalahok, at ang kanilang tiwala ay hindi niya nilalabag. Pinapalakas din niya ang kanyang pangako na hindi magdudulot ng anumang pinsala sa pisikal o sikolohikal na aspeto ng mga kalahok.

Bilang bahagi ng mga prinsipyong etikal, inuukit din ng mananaliksik ang kahalagahan ng pagiging bukas sa pakikipagtulungan, kabilang ang mga konsepto ng tiwala, respeto, katarungan, at pagtugon. Bilang pagpapahalaga sa pagkapribado ng mga personal na datos na kanyang maaaring makuha sa proseso ng pagsasaliksik, iniuudyok niya na burahin ang mga ito pagkalipas ng 20 taon. Sa ganitong paraan, tiniyak niya na ang mga impormasyon ay mananatiling pribado para sa kapakinabangan ng mga kalahok. Ang pangunahing layunin ng kanyang pag-aaral ay ang kapakanan ng mga mag-aaral sa pangkalahatan, at patuloy niyang itinataguyod ang kanilang kaligtasan at proteksyon upang mapanatili ang kanilang tiwala. Ang **paggalang** sa mga kalahok sa pananaliksik ay isang mahigpit na obligasyon ng mananaliksik. Hindi dapat ito gamitin para pagsamantalahan ang mga kahinaan o kalagayan ng mga kalahok sa anumang paraan. Dapat nilang iwasan ang pagtataglay ng mga personal na interes na maaaring magdulot ng hindi makatarungan na impluwensiya sa mga kalahok, tulad ng pagkakaibigan, pagtitiwala, o kumpiyansa (Creswell, 2013).

Upang masiguro ang tamang pagsunod sa prinsipyong ito, mahalaga na tiyakin ng mananaliksik na ang mga kalahok ay lubusang maunawaan ang mga aspeto ng kanilang pakikilahok. Kailangang maglaan ng oras upang magbigay ng "informed consent" kung saan ipinaliliwanag ang layunin at tagal ng pag-aaral, ang kalikasan ng kanilang partisipasyon, at kung paano itinuturing ang pagiging kompidensyal ng kanilang impormasyon at kontribusyon (Williamson et al., 2007).

Ang prinsipyo ng **kabutihan** ay nangangahulugan ng interes ng mga mananaliksik sa pagsasaliksik sa konteksto ng kanilang mga kalahok. Ito ay nagmumula sa layunin na bawasan ang mga potensyal na panganib na maaring maidulot ng pananaliksik sa mga kalahok, habang pinapalakas ang mga benepisyo para sa kanila at para sa lipunan. Halimbawa, kapag nagpaplano ng disenyo ng pananaliksik, ang prinsipyong ito ay dapat maging pangunahing gabay upang suriin kung may alternatibong paraan na maaaring makuha ang parehong impormasyon ngunit may mas mababang panganib para sa mga kalahok (Salganik, 2014).

Ang **kompidensyalidad** ay isinusulong bilang isang paraan upang mapanatili ang pagiging pribado ng lahat ng mga indibidwal, na naglalayong itaguyod ang tiwala at ugnayan sa mga kalahok sa pag-aaral. Ito ay isang hakbang na nagpapakita ng etikal na pag-uugma at nagbibigay-proteksiyon sa integridad ng proseso ng pananaliksik (Kaiser, 2010).

Ang **katarungan**, sa kabilang banda, ay tumutukoy sa pagkakaroon ng pantay-pantay na distribusyon at pagtrato sa lahat. Mahalaga ang prinsipyong ito sa konteksto ng kwalitatibong pananaliksik upang maiwasan ang pagsasamantala at pang-aabuso sa mga kalahok. Ang pag-unawa at paggamit ng mananaliksik ng prinsipyong ito ay nagmamalas sa pamamagitan ng pagkilala sa mga posibleng kahinaan ng mga kalahok at ang kanilang kontribusyon sa pananaliksik (Orb et al., 2000). Bilang pasasalamat sa mga kalahok na may malaking kontribusyon para sa kasalukuyang pag-aaral, ang mananaliksik ay nagagalak at taos-pusong nagbibigay pugad pasasalamat na token sa lahat ng partisipante na nakilahok sa isinasagawang panayam.

## RESULTA

Ang impormasyon na nakuha mula sa pagsasaliksik na ito ay mahalaga sa pagkamit ng mga positibong resulta. Ginamit ang mga pamamaraan ng In-depth Interview at Focus Group Discussion para makalap ang mga datos, na kung saan ang mga smartphone at voice recorder ang ginamit sa pagsasagawa. Ang mga sagot ng mga kalahok ay na-transcribe, na-encode, at isinalin sa wikang Filipino bago sumailalim sa masusing pagsusuri upang tiyakin ang kahusayan at ang pagkakategorya ng mga tema. May kabuoang labing-apat (14) na kalahok sa pananaliksik na ito, pito (7) para sa pinalalim na panayam (In-Depth Interview) at pito (7) para sa pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion) na pawang mga batang mamamahayag na nag-aaral sa parehong publikong paaralan ng Davao del Norte, Kapalong National High School (KNHS) at Sto. Tomas National High School (STNHS) na may karanasan sa pamamahayag para sa publikasyong Filipino. Ang kanilang mga kontribusyon ay nakatulong sa kung paano maging masinop sa wastong pagsulat at pagbuo ng mga pahayag at teksto para sa publikasyong Filipino.

Ang bahaging ito ay nagbigay ng mga detalye sa resulta ng qualitative analysis upang sagutin ang sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. Ano ang mga buhay na karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino?

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

2. Paano nakayanan ng mga batang mamamahayag ang mga hamon sa publikasyong Filipino?
3. Ano ang mga pananaw ng mga batang mamamahayag para sa publikasyong Filipino?

Ang kabanatang ito ay nahahati sa apat na bahagi: ang Unang Bahagi ay tungkol sa datos ng mga kalahok kung saan nakolekta ang *qualitative data*; saklaw naman ng Ikalawang Bahagi ang pagsusuri ng datos, mga pamamaraan, at ang mga hakbang sa pagkakategorya ng mga umuusbong na tema mula sa resulta ng *In-depth Interview* at *Focus-group Discussion*; ang Ikatlong Bahagi ay tumatalakay sa mga tugon sa panayam sa ilalim ng mga problema at hamon sa pamamahayag; ang pang-apat na nahagi naman ay naglalaman ng buod ng mga tugon.

**Mga Kalahok**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng sekondarya sa parehong publikong paaralan ng Davao del Norte, partikular na sa Kapalong National High School (KNHS) at Sto. Tomas National High School (STNHS) na may karanasan sa larangan ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino. Tulad ng ipinapakita sa *Table 1*, kabuuang 14 ang nakilahok sa pag-aaral na ito. Kabilang ang 14 na kalahok para sa *in-depth interview* at *focus-group discussion*. Sa 14 na kalahok na ito, 7 ang napabilang sa *in-depth interview*, at 7 para naman sa *focus-group discussion*. Silang lahat ay mga mag-aaral sa sekondarya na kasalukuyang aktibo at sumasabak sa pamamahayag sa paaralang kinabibilangan.

Alinsunod sa prinsipyo ng kumpidensyalidad, isang palayaw ang ipinangkakaloob sa bawat kalahok sa panahon ng in-depth interview, sumusunod sa pamamaraang ginamit ni Bernal (2014). Ang mga palayaw ay pinili ng mga kalahok mismo, batay sa kanilang kagustuhan at kakaibang pisikal na katangian, pati na rin ang kanilang mga tugon at pag-uugali na natutunghayan sa buong sesyon ng panayam.

Lahat ng mga kalahok ay sumagot sa parehong hanay ng mga tanong. Ang pagpili ng mga kalahok ay batay sa kanilang partisipasyon at karanasan bilang mga mag-aaral ng sekondarya na may karanasan sa pamamahayag para sa publikasyong Filipino, na natukoy ng mananaliksik at napatunayan sa pamamagitan ng personal na pahayag na ibinigay ng mga kalahok.

**Pagkategorya ng Datos**

Matapos ang pagsagawa ng mga pinalalim na panayam, ang mga tugon sa panayam ay sinulat, isinalin, at inanalisa. Sinimulan ang analisis sa pamamagitan ng proseso ng pag *code*, na kinasasangkutan ng pag-organisa ng mga materyales sa mga bahagi ng teksto upang makakuha ng makabuluhang impormasyon. Sa pamamagitan ng pagku-*code*, nabuo ang mga paglalarawan ng mga kalagayan ng mga kalahok at mga temang kategorya upang magbigay ng pangkalahatang paglalarawan sa phenomenon na sinasaliksik. Ang mga resulta ng datos ay iniharap sa pamamagitan ng isang talahanayan. Ang datos na nakuha ay ipinasa sa data analyst para sa pagsusuri ng datos at pagbuo ng mga lumalabas na tema.

Nakasanayan na ang mga tema ay hinuhugis sa pangkalahatang paglalarawan ng isyung pinag-aaralan. Ang mga resulta ng datos ay ipinakita sa anyo ng talahanayan. Ang mga datos na nakalap ay iniabot sa nakatalagang *data analyst* upang aprubahan at i-*verify* ang datos at ang mga umuusbong na tema na ginawa at sinuri ng mananaliksik.

Sa pagkategorya ng mga datos, ang mga tema ay inilahad sa bawat talatanungan upang ito ay hatiin sa iba't ibang kategorya at makabuo ng sentrong tema. Ang mga temang nabuo mula sa pag-aaral ay masusing tinalakay upang makapaglahad ng tuwirang mga deskripsyon. Sumunod naman sa mga pangunahing tema ay ang mga talahanayan na kung saan napapaloob ang pangunahing ideya ng mga partisipante batay sa kanilang mga tugon.

Dagdag pa rito, ang pag-aanalisa ng mga datos na makikita sa Talahanayan 2, 3, at 4 upang maikategorya ang mga datos na ito, ang mga tema ay inilahad sa bawat katanungan ng pag-aaral at tinawag na mga sentrong tema. Ang nasa tapat naman ng mga mahahalagang tema sa talahanayan ay ang mga kasamang ideya mula sa tugon ng mga partisipante. Idinagdag ang isang hanay sa talahanayan na ipinapakita ang *frequency* ng mga tugon, na kung saan naging batayan para sa klasipikasyon ng pangkalahatan, tipikal at nauuri base sa natalakay.

**Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano ang mga buhay na karanasan ng mga batang mamamahayag sa publikasyong Filipino?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang pinalalim na panayam sa mga kalahok, ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, mayroong limang nakasuportang katanungan ang itinanong upang maunawaan ang kanilang mga karanasan hinggil sa kanilang karanasan sa pamamahayag sa publikasyong Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
**Mga Karanasan ng mga Batang Mamamahayag sa Publikasyong Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Mga Hadlang sa Pagbuo ng Pahayag** | • Sa akin ay talagang subrang abala dahil mahahati- hati na ang oras, at kailangan din na bihasa kami sa larangang ito, kaya nararapat talaga na magsanay at mag-aral para mas marami kaming matutuhan at maraming kaalaman na maaari naming magagamit sa pagbuo ng mga pahayagan at mga balita."-IDI-02<br>• Sa akin din ay talagang nagiging abala na, wala na masyadong oras sa gala-gala kung sino-sino ang kasama, kasi mas nakatuon na kami sa pagsasanay at pagtuklas ng mga angkop na mga salitang maaaring gamitin namin sa pagbuo ng teksto or mga pahayag."-IDI-03<br>• Nagiging makabuluhan ang buhay ko nang ako'y isang mamamahayag. Kagaya nila, nagkakaroon talaga ng panahon na abala kasi nga may oras din na magkakaroon kami ng malalimang ensayo, lalo na sa pagsusulat ng mga balita."- FGD-02Sa araw na ng examination nahihirapan akong maunawaan ang ilang termino at kanilang mga gampanin sa Filipino. Ito ay nagtulak sa akin na maghanap ng mga aklat na nagbibigay ng detalyadong paliwanag kasama ang mga halimbawa upang maunawaan ang mga termino at kanilang gampanin." IDI-05<br>• Noong panahon na nagsisimula ako bilang mamamahayag, talagang abalang-abala na ako lalo pa't baguhan pa lamang, kailangan talagang marunong kung paano bumuo ng pahayag na makakapasa talaga sa istandard na hinahanap ng coach namin."- FGD-04 |
| **Kahirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino** | • Oo. Nararapat kasi sa larangan na ito ay pagandahan at palakasan ng mga pandiwa na gagamitin mula sa ulo ng balita, sa pamatnubay, sa nakasuportang pamatnubay, at hanggang sa matapos ang binubuo mong pahayag. Sa katunayan, magtitiyaga talagang matuto ng maraming pandiwa na salita. Kaya mas mahirap sa Filipino sapagkat kadalasan sa mga salita rito ay literal ang pagpapakahulugan, kaya pagdating sa pamamahayag nandiyan talaga ang kahirapan sa paggamit ng Filipino."-IDI-06<br>• Gaya nga ng nabanggit ko kanina, hamon talaga ang pagbuo ng isang pahayag o balita gamit ang wikang Filipino, kasi sa pagbuo ng balita kinakailangan ang matibay na mga salitang gagamitin na angkop sa paksang ipapahayag."-FGD-02<br>• Tulad ko na bago pa lang, kaya kakasimula ko pa lang tumuklas ng mga estratehiya tiyak na sa mga hindi pangkaraniwang mga salita sa Filipino, kaya mahirap pa sa akin ang pagsulat at pagbuo ng mga balita gamit ang wikang Filipino."-FGD-04<br>• Maliban sa hindi ako magaling sa Filipino, nahihirapan din ako sa pagpili ng mga wastong salita sa Filipino na maaari kong magagamit sa paggawa ng headline o kahit sa katawan ng aking balita, kasi pag karaniwan na mga pandiwa ang madalas gagamitin, mas madalas ding negatibo o hindi maganda ang magiging resulta ng balita na iyong ginagawa."-FGD-06 |
| **Kahinaan sa Pagbaybay ng mga Salita** | • Sobrang mahina ako pagdating sa pagbaybay, lalo na sa bahaging o at u. Ayos lang sana kung bibigkasin pero pag isusulat na kasi ay madali lang itong mababasa, kaya palagi akong mawawastuhan pagdating sa ganyan."-IDI- 07<br>• Ang nakikita kong kahinaan sa aking sarili ay ang pagbigkas ng mga salita at kung pasulat naman, nalilito ako sa tama o sa wastong pagbaybay ng salita."- FGD-01<br>• Sa akin naman ay mahina ako pagdating sa pagbaybay, lalong-lalo na kung Filipino. Minsan talaga ay nakakalito kasi kagaya na lamang noong sa lathalain namin, naalala ko na winawasto ang salita kong kuryente, kasi nga koryente raw. Yaon ko rin napagtanto na mahirap talaga pag Filipino na ang ibabaybay."-FGD-03 |

| | |
|---|---|
| | • Minsan nalilito rin ako sa pagbaybay kahit Filipino lalo na sa paggamit ng r, d, at iba pa. Pagdating kasi sa larangan na'to, dapat maingat ka sa mga salita para hindi mababagsak. Hindi lang sa pagbaybay, pati na rin sa mismong mga salitang gagamitin kasi kinakailangan na hindi yan pangkaraniwan o luma kumbaga, at kasabay nito na siguradong may ganyang salita talaga at dapat na angkop ito sa pangungusap o sa paksa na nais maipaabot sa target na awdiyens."-FGD-05 |
| **Pagkakaramdam ng Kaba** | • Tuwing sasabak ako sa pamamahayag gamit ang Wikang Filipino, nararamdaman ko ang kaba dahil sa responsibilidad na maihatid nang wasto at epektibong impormasyon sa aking mga mambabasa."-IDI-02<br>• Ang pagsasalita at pagsusulat sa Wikang Filipino sa larangan ng pamamahayag ay palaging nagbibigay sa akin ng kaba sapagkat ito ay isang malaking responsibilidad na dapat kong gampanan nang wasto at maingat."-IDI-07<br>• Nararamdaman ko ang kaba tuwing gagawa ako ng mga artikulo at balita sa Wikang Filipino dahil sa layunin na maging malinaw, makabuluhan, at makakatulong sa ating lipunan."-FGD-02<br>• Hindi kasi maiwasan ang pagakakaroon ng pangangailangan na maging propesyonal at may integridad sa bawat salita at aksyon, kaya sa tuwing lalahok ako, nakakaramdam ako ng takot at kaba kasi baka magkakamali ako or hindi tama ang ginagawa ko."- FGD-04 |

Ang apat na temang ito ang siyang pinanggagalingan ng mga naging karanasan ng mga mag-aaral sa pamamahayag at maging sa pagbuo ng mga pahayag gamit ang Wikang Filipino. Ang mga karanasang ito ang siyang bitbit ng mga mag-aaral habang nag-aaral, mapa-birtuwal na hapag man, sa mismong loob ng silid-aralan, o sa labas ng paaralan.

**Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Paano nakayanan ng mga mag-aaral na mamamahayag ang mga hamong kinakaharap sa Publikasyong Filipino?**

Sa pag-aaral na ito, upang masagot ang tanong na ito, isinagawa ang mas malalim na panayam sa mga kalahok batay sa kanilang pagkakasunod-sunod. Ibig sabihin, maraming mga sumunod-sunod na katanungan ang itinanong upang mas maunawaan ang kanilang mga karanasan para sa publikasyong Filipino.

Ang apat na temang ito ang siyang naging kaparaanan ng mga partisipante upang malagpasan ang mga hamong kanilang kinkaharap sa publikasyong Filipino ng mga mag-aaral na mamamahayag sa sekondarya. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bitbit nila palagi upang mas marami pang matutuhan at para na rin maging isang mag-aaral na may makapangyarihan o kakayahan sa pagbuo at pagsulat ng mga pahayag para sa publikasyong Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
**Pagtagumpayan ng mga Mag-aaral na Mamamahayag ang mga Hamong Kinakaharap sa Publikasyong Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagsali sa mga *Workshop Seminar*** | • Lubos na nakakatulong ang pagsali sa mga seminar patungkol sa pamamahayag, ang mga ito ay nagbibigay sa akin ng bagong kaalaman at kasanayan sa pagsulat. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa mga eksperto sa larang na ito ay higit na makakakuha ako ng mga praktikal na ideya para sa pagbuo ng pahayag."-IDI-04<br>• Sa akin naman ay aktibo akong sumasali sa mga workshop at seminar kasi nakakatulong ito sa akin na palaguin pa ang aking kaalaman sa pagbuo ng isang mahusay na mga artikulo, balita o mga iba pang sulatin. Lalo na sa bahaging isahang sesyon, dito ako nabibigyan ng pagkakataong maipakita ang aking gawa, at dito rin ako makakatanggap ng mga konkretong suhestiyon at mga pamamaraan para sa wasto at mabuting paglikha ng mga sulating pahayagan."-FGD-02<br>• Lubos akong nahahasa at nasasanay sa pagsulat ng mga pahayag sa pamamagitan ng mga workshop seminar kasi dito mabibigyan ako ng kaalaman patungkol sa pagpapabuti sa mga sulatin, mga angkop na proseso sa paggawa ng isang pahayag o sa mga balita po."-FGD-04<br>• Ganoon din sa akin, natutulungan ako sa pagpapaunlad ng aking kakayahan sa larangang ito sa pamamagitan ng mga seminar patungkol sa pamamahayag, kasi sa pamamagitan ng seminar ay nakakakuha ako ng mga impormasyong pwede kong magagamit sa aking larangan."-FGD-06 |
| **Pag-aaral sa *Copy Reading at Copy Writing*** | • Isa sa naging paraan ko para maisakatuparan ang mga pagkakamali ay kailangan maglaan ako ng oras para ma-familiarize ko ang mga simbolo, mga patakaran at palatandaang nakapaloob sa pagkokopya-basa at kopya-sulat para na rin makakapulot ako ng mga idea kung ano talaga ang tamang pagbuo sa isang teksto."- FGD-03<br>• Malaki ring tulong sa akin ang pag-aaral at pagkritika ng isang balita gamit ang Kopya-basa at Kopya-sulat kasi sa pamamagitan nito ay napagtanto ko na, ganito pala yaon."-FGD-04<br>• Maliban sa nabanggit nila noh, naglalaan talaga ako ng oras na pag-aralan kung paano magka-copy reading and writing kasi mas nakakatulong ito para sa akin na iwasto ang isang teksto at kung paano bumuo ng isang teksto nang tama at wasto ang pagkakasunod-sunod ng ideya, mga bantas na ginamit at mga salita."-FGD-07 |
| **Pagbabasa ng mga *Printed Materials* sa *Filipino*** | • Naglaan ako ng oras para magbasa ng iba't ibang aklat, artikulo, at dyaryo na nakasulat sa Filipino. Ang pagbabasa ng mga ganitong materyal ay nakatulong upang mapalawak ang aking bokabularyo at mas maunawaan ang iba't ibang estilo ng pagsusulat sa Filipino."-IDI-01<br>• Minsan nangongolekta ako ng mga babasahing nakasulat sa Filipino, kagaya nga mga aklat o mga newspaper. Sa pamamagitan ng pagbabasa nito ay natutunan ko rin ang tamang estruktura ng mga pangungusap at iba't ibang paraan ng pagpapahayag gamit ang wikang Filipino."-IDI-05<br>• Isa rin ang pagbabasa ng mga magasin, mga diyaryo, o mga artikulo na nagbibigay ng dagdag kaalaman sa pagpapabuti sa akin sa pagsusulat lalo na yung mga bantas, tamang pagconstruct ng ideya, at sa mga estilo ng pagsusulat."-FGD-06<br>• Madalas din akong nagbabasa ng mga babasahing aklat sa Filipino noh kasi mas nakakatulong sa akin lalo na pag iniintindi ko talaga ang konteksto ng aking binasa, natabangan ay na naunsa ni natulungan, natulongan ako nito na makakakuha ng ideya, nadaragdagan ang aking kaalaman sa paggamit ng wikang Filipino."-FGD-07 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Paglalakbay sa *Online Websites*** | • Alam kong hindi na bago sa'tin ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagsaliksik sa socmed noh, kasi lubos na nakakatulong talaga sa'kin ang paghahanap ng mga impormasyon, minsan kung mayroong akong nais alamin tapos parang hindi ako kumbensido sa sarili ko or kapag di ko nakikita ang impormasyong nais kong malaman mula sa nailimbag na mga nakaprintang babasahin, ay agad akong magtungo sa mga online websites. Sini-search ko doon yung mga gusto kong malaman para sa gagawin kong pagsusulat." – IDI-05<br>• Hindi ko maiwawaglit na isa ako sa mga gumagamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagkatuto, kaya kung nahihirapan ako para sa gagawin kong publikasyon sa Filipino, madalas naghahanap ako sa internet. Sinusuri ko yung mga maaasahang online websites kung talagang makatotohanan ba ang isang impormasyong nakapaloob doon."- FGD-05<br>• Kagaya nga ng nabanggit ng ibang kasama ko, malaking tulong ang paghahanap ng mga impormasyon sa internet at the same time, mas napapabilis o mas madali nalang sa akin ang pagtuklas ng ideya na maaari kong magagamit sa gagawin kong publikasyon gamit ang wikang Filipino at dahil dito mas lumalakas ang kumpiyansa ko sa sarili ko at dahil na rin dito mas maiibsan ang kaba na mararamdaman ko kasi I am more confident with the help of online learning materials or websites."-FGD-07 |

**Pangatlong Tanong sa Pananaliksik: Ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral na mamamahayag para sa Publikasyong Filipino?**

Sa pag-aaral na ito, upang matugunan ang katanungang ito, isinagawa ang mas detalyadong panayam sa mga kalahok base sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming serye ng mga katanungan ang ibinato upang mas maunawaan ang kanilang mga pagsusuri at pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa larangan ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang linaw ang kanilang mga karanasan ukol sa kanilang repleksiyon para sa publikasyong Filipino.

**Talahanayan 4**
**Pananaw ng mga Batang Mamamahayag Para sa Publikasyong Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagpapahalaga sa Pagbalanse ng Oras** | • *Ang maipapayo ko lang sa mga susunod na mamamahayag o may plano na tatahak sa larangang ito, dapat talaga na uunahin nila kung ano ang pinakamahalaga, isasakatuparan nila kung ano ang dapat matapos o tatapusin para mas lubos na magampanan nila ang kanilang papel hindi lang sa larangan ng pamamahayag, pati na rin sa kanilang personal na buhay."-IDI-03*<br>• *Bilang isang mamamahayag sa hinaharap ay hindi ganoon kadali sa larangang ito. Kinakailangan dito na marunong ka gumaganap sa papel na pinasukan. Kaya ang maipapayo ko lang sa kanila na dapat may respeto at time management ay kailangan para maisakatuparan ang responsibilidad bilang isang mag-aaral na mamamahayag. -IDI-04*<br>• *Grabe jud kaimportante ang time management jud. Labi nag kuan kanang murag ikaw gud ma dali-dali ug tawag sa inyong mentor tapos daghan pakag need iachieve di lang sa kana nga role as journalist, pati pud sa imong other school works, sa imong kaugalingon ug uban pa. -IDI-06*<br>• *Maipapayo ko lang sa kanila kung sakaling papasok sila sa larangan ng pamamahayag, kailangan pagbutihin nila ang kanilang papel, gampanan ang maaaring gampanan at higit sa lahat kung may fear sila sa disappointment ay kailangan balansehin nila ang kanilang oras para lubos na maayos ang daloy ng kanilang papel na pinanghahawakan. -FGD-02* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Kaalaman sa Wikang Filipino ay Pinakadiwa ng Kuwento** | • *Ang kaalaman sa mga teknikal na aspeto ng pagsulat sa Wikang Filipino ay nagbibigay-daan upang maipahayag nang maayos ang mga emosyon at nuances ng bawat kwento. Ang tamang bantas at pagbaybay ay nakakatulong upang mas maging epektibo ang paglalahad ng mga ito."-IDI-03*<br>• *Para sa publikasyong Filipino, subrang napakadali sa larangan ng pamamahayag kung ikaw ay may wastong kaalaman sa wikang Filipino, mas nabibigyan tayo ng ideya kung paano simulan at tapusin ang isang artikulo, mga sulatin na may kaugnayan sa ating larangan sapagkat may kaalaman na tayo sa wikang Filipino maging sa pagpapakahulugan ng isang salita."-IDI-04*<br>• *Hindi lang isinusulong dito ang kultura at identidad ng bansa ang pagiging maalam sa wikang Filipino, kundi Ito ay nagbibigay ng malinaw na gabay sa mambabasa kung paano dapat basahin at intindihin ang bawat bahagi ng teksto."-IDI-06*<br>• *Bilang mamamahayag, ang kaalaman sa Wikang Filipino ay mahalaga upang epektibong maipahayag ang mga damdamin at saloobin ng mga taong aming kinauukulan ng paksa para sa pagsusulat ng artikulo at balita. Ito ay nagbibigay ng mas makatotohanang paglalahad ng mga kwento. Mahalaga ang kaalaman sa tamang bantas at pagbaybay sa Wikang Filipino upang maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan. Ang tamang paggamit ng mga ito ay nagbibigay linaw at tumpak na kahulugan sa bawat pangungusap."-FGD-01* |
| **Kahalagahan sa Pagpapanatili ng Integridad** | • *Bilang batang mamamahayag, mahalaga sa amin ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa journalism. Ang pagbibigay ng tamang kredito sa mga sources at pag-iwas sa plagiarism ay mga halimbawa ng integridad na dapat ipakita sa bawat artikulo."-IDI-07*<br>• *Ang integridad sa pamamahayag ay pundasyon ng tiwala ng publiko. Kung wala ang tiwalang ito, hindi magiging epektibo ang anumang publikasyon sa pagbibigay ng impormasyon. Mahalaga ang katotohanan at transparency sa bawat balita na aming inilalathala. Ang integridad ay mahalaga sa pagbuo ng kredibilidad ng isang publikasyon. Kapag nakikilala ang isang publikasyon sa kanyang pagiging patas at makatotohanan, mas maraming tao ang magkakaroon ng kumpiyansa sa kanilang mga inilalathala."-IDI-06*<br>• *Ang pagpapanatili ng integridad ay nangangahulugan ng pag-iwas sa sensationalism at fake news. Dapat masiguro na ang lahat ng impormasyon ay dumaan sa masusing fact-checking at verification bago ito ilathala."-FGD-01*<br>• *Para sa mga sumusunod na mamamahayag noh, hindi lamang tungkol sa tamang pagbabalita kundi pati na rin sa pagpapakita ng malasakit at respeto sa mga taong pinagkukunan ng impormasyon. Ang pagbibigay ng tamang konteksto at hindi pagbaluktot ng mga pahayag ay bahagi nito. Ang pagkakaroon ng responsableng pamamahayag ay mahalaga upang mapanatili ang kaayusan at katotohanan sa lipunan."-FGD-02* |
| **Ang Inobasyon ay Daan sa Pagiging Mapanlikha** | • *Bilang batang mamamahayag, mahalaga sa akin ang paggamit ng multimedia tulad ng video, infographics, at interactive content bilang innovation para mas maging engaging ang mga balita. Sa ganitong paraan, mas madaling maabot at maintindihan ng mga mambabasa ang mga impormasyon para sa gagawin naming publikasyon sa Filipino."-IDI-02*<br>• *Sa aming publikasyon, nagsisimula kaming mag-experiment sa paggamit ng virtual reality (VR) para sa immersive storytelling. Sa pamamagitan nito, maaaring maranasan ng mga mambabasa ang mga pangyayari na parang sila mismo ang nandoon. "-IDI-03*<br>• *Isa sa mga inobasyon na nais naming ipatupad ay ang paggamit ng artificial intelligence para sa data analysis at fact-checking.* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| | *Makakatulong ito sa amin na mas mapabilis ang proseso ng pagbabalita habang natitiyak ang katotohanan ng mga impormasyon lalo na pag hindi ka ganoon ka bihasa sa wikang Filipino."-FGD-03* <br>• *Para mas mapalapit sa kabataan, gumagamit kami ng mga meme at relatable content sa aming mga balita. Bagaman ito ay tila hindi seryoso ngunit nakakaakit ito sa mga mambabasa. Ang data journalism ay isa sa mga inisyatibo namin para mas mapalalim ang aming pagbabalita. Gumagamit kami ng data visualization tools para mas malinaw na maipakita ang mga complex na datos at trends sa mga mambabasa," – FGD-05* |

Ang apat na temang ito ang siyang naging pananaw ng mga partisipante sa suliraning kanilang kinkaharap sa publikasyong Filipino. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bibitbitin nila at sa mga sumusunod sa kanilang yapak sa larangan ng pamamahayag upang malagpasan ang mga suliraning kanilang kinakaharap at kakaharapin pa sa publikasyong Filipino**.**

## DISKUSYON

**Buhay na Karanasan ng mga Batang Mamamahayag sa Publikasyong Filipino**. Ang tanong na ito ng pananaliksik ay naglalayong galugarin ang naging buhay karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino. Nilalayon nitong galugarin kung paano ang mga mag-aaral na ito ay *nagnavigate* sa mga hamon sa epektibong pagsasagawa at pagsulat ng mga pahayag sa publikasyong Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik ay naglalayong pagaanin ang mga potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pagbuo ng mabisang kasanayan sa *pedagogical* na paggawa ng pahayag at balita sa publikasyong Filipino.

Ang iba't ibang mga may-akda at teorista ay nagpakita ng mga pahayag na nag-tutugma sa mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa sekondarya tungkol sa kanilang mga karanasan sa larang ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino. Ang mga sumusunod ay ang mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino: isiniwalat ng unang tema na ang mga mag-aaral ay mayroong mga **hadlang sa pagbuo ng pahayag** ng mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino. Hayag sa loob o labas man ng *campus* ang ganitong sistema ng mga batang mamamahayag dahil kinakailangan nilang pagsabayin ang kanilang mga akademikong gawain at ang kanilang responsibilidad bilang mamamahayag. Ang proseso ng paglikha ng isang pahayagan ay nangangailangan ng masusing pagsasaliksik, pagsusulat, at pagrebisa ng mga artikulo, na lahat ay nangangailangan ng oras at dedikasyon. Kailangan din nilang dumalo sa mga pagpupulong, magsagawa ng mga panayam, at mag-*coordinate* sa iba pang miyembro ng kanilang *editorial team*. Bukod dito, mahalaga rin ang patuloy na pagsasanay at pag-aaral ng mga bagong kasanayan sa pamamahayag at teknolohiya upang masiguro ang kalidad at pagiging napapanahon ng kanilang mga ulat. Ang balanseng pamamahala ng oras ay kritikal upang magtagumpay sa dalawang mahahalagang aspeto ng kanilang buhay, ang edukasyon at ang responsibilidad sa kanilang pahayagan.

Ayon kay Santiago (2021), ang proseso ng pagbuo ng pahayagan sa mga paaralan, partikular sa mga pampublikong high school sa Maynila, ay isang masusing gawain na nangangailangan ng atensyon sa detalye mula sa pagsasaliksik, pagsusulat, hanggang sa pagrebisa ng mga artikulo. Isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga batang mamamahayag ay ang mataas na antas ng responsibilidad, kabilang ang pangangailangang manatiling updated sa mga isyu sa loob at labas ng campus. Bukod dito, mahalaga ring maging tiyak at maayos sa pagbuo ng sulatin upang masigurong taglay ng bawat artikulo ang wastong diwa ng paksa. Gayunpaman, ayon sa pag-aaral, madalas nagiging hadlang ang kakulangan sa oras, limitadong suporta mula sa mga guro, at kakulangan sa kasanayan sa pagsusulat, na maaaring magdulot ng hindi sapat na kalidad ng mga artikulo. Ang pananaliksik na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong tinatalakay ang mga hamon sa larangan ng campus journalism, partikular sa proseso ng pagbuo ng pahayagan. Layunin nitong masuri ang mga hadlang na ito upang matulungan ang mga batang mamamahayag sa Maynila na mapahusay ang kanilang kakayahan at makabuo ng dekalidad na mga sulatin.

Kaugnay din nito ang pag-aaral ni Britton et al. (2019), ang pagtimbang ng gawain ay may malaking epekto sa kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral, partikular sa mga mag-aaral sa urban na lugar ng Quezon City. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na nakatuon at may sapat na oras para sa bawat yugto ng pagsulat—mula sa pagpaplano hanggang sa pagrebisa—ay mas nagiging epektibo, organisado, at may malinaw na layunin sa kanilang mga sulatin. Gayunpaman, binigyang-diin din ng pag-aaral na ang kakulangan sa oras, dulot ng pagiging abala sa iba pang mga gawain tulad ng *extracurricular activities* o iba pang akademikong obligasyon, ay nagdudulot ng mas mababang kalidad na sulatin. Ang kawalan ng sapat na pagkakataon upang suriin at pagbutihin ang kanilang gawa ay nagiging hadlang sa pagkamit ng dekalidad na *output*. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik dahil ipinapakita nito ang kahalagahan ng wastong pamamahala ng gawain at oras, lalo na sa mga batang mamamahayag na nakararanas ng parehong hamon sa kanilang tungkulin sa *campus journalism*.

Ang ikalawang tema na lumalabas ay ang **kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino**. Ipinapakita na ang ibang mamamahayag na mag-aaral ay nahihirapan sa paggamit ng Wikang Filipino, lalo pa na iba-iba ang kanilang pinagmulan at may iba't ibang pangunahing wika. Bukod dito, ang tamang paggamit ng bantas, pagbaybay, at gramatika sa Filipino ay nagiging dagdag na alalahanin. Ang kakulangan ng sapat na

pagsasanay at eksposyur sa pagsusulat sa Filipino ay nagdudulot ng limitasyon sa kanilang kakayahan na magpahayag nang malinaw at epektibo sa wika. Sa kabila ng mga hamong ito, ang mga batang mamamahayag ay patuloy na nagsisikap na mapabuti ang kanilang kasanayan sa Filipino upang makapagbigay ng dekalidad at makabuluhang mga ulat para sa kanilang mga mambabasa.

Ayon kay Delos Santos (2020), ang paggamit ng Wikang Filipino sa akademikong pagsulat ay nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral, partikular sa mga pampublikong paaralan sa Calabarzon. Sa kanyang pag-aaral, binigyang-diin na ang kawalan ng sapat na kaalaman sa tamang gramatika, bokabularyo, at istruktura ng wika ay nagdudulot ng kahirapan sa pagpapahayag ng ideya. Natuklasan din na ang impluwensya ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa karamihan ng asignatura ay nagiging dahilan ng pagbaba ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino. Bukod dito, ang kakulangan ng sapat na mga materyales sa pagtuturo na nakasulat sa Filipino ay nagiging hadlang sa pagpapalalim ng pag-unawa sa wika. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong tinatalakay ang mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, lalo na sa larangan ng pamamahayag, kung saan ang wastong paggamit ng wika ay mahalaga upang makabuo ng malinaw, organisado, at makabuluhang mga artikulo.

Kaugnay din sa pag-aaral nina Lim at Rivera (2021), ang kakulangan sa sapat na pagsasanay sa pormal na pagsusulat sa Wikang Filipino ay nagdudulot ng mababang kumpiyansa ng mga mag-aaral na mamamahayag sa paggamit ng wika. Natuklasan din sa kanilang pananaliksik na ang limitadong eksposyur sa masusing pagsusuri ng Filipino bilang wika ng pamamahayag ay isa sa mga pangunahing dahilan ng kahinaan ng mga mag-aaral sa larangang ito. Partikular itong makikita sa mga pampublikong paaralan sa Metro Cebu, kung saan mas binibigyang-diin ang paggamit ng Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo. Binigyang-diin din ng pag-aaral ang pangangailangan para sa mga programang makapagpapahusay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat sa Filipino, tulad ng *workshop* at *mentoring* na nakatuon sa gramatika, balarila, at istruktura ng wika. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalaga sa kasalukuyang pananaliksik dahil nagbibigay ito ng mas malinaw na pag-unawa sa mga hamon na kinakaharap ng mga batang mamamahayag sa paggamit ng Filipino at nagmumungkahi ng mga konkretong solusyon para sa kanilang pag-unlad.

Sa kabilang dako, ang **kahinaan sa pagbaybay ng mga salita** ay isang malaking hamon sa mga batang mamamahayag para sa publikasyong Filipino. Hindi maiwawaglit na ito ay nagdudulot ng iba't ibang hamon sa kanilang pagsusulat at pagbuo ng mga artikulo. Dahil sa mas madalas na paggamit ng Ingles sa kanilang akademikong buhay at sa mga materyales na kanilang binabasa, nagiging limitado ang kanilang kaalaman at kasanayan sa tamang pagbaybay sa Filipino. Ang mga maling baybay ay maaaring magdulot ng kalituhan sa mga mambabasa at makompromiso ang kredibilidad ng kanilang pahayagan. Bukod dito, ang kakulangan sa pagsasanay at eksposyur sa Filipino ay nagiging sanhi ng pagkakamali sa gramatika at sintaksis, na nagbabawas sa kahusayan ng kanilang komunikasyon. Ang mga ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas masinsinang pag-aaral at pagsasanay sa tamang paggamit ng wikang Filipino upang mapabuti ang kalidad ng kanilang mga lathalain at mapaunlad ang kanilang pagiging mamamahayag.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbaybay ng mga salita at paggamit ng tamang gramatika sa kanilang mga pagsusulat sa Wikang Filipino at isa sa mga pangunahing isyung kinakaharap ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan sa Central Luzon. Natukoy sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral ay madalas magkamali sa wastong baybay ng mga salitang Filipino dahil sa impluwensya ng wikaing Ingles at ng kolokyal na paggamit ng wika sa *social media*. Bukod dito, ang kakulangan sa mga aktibidad at estratehiya sa silid-aralan na nakatuon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbabaybay ay nagdudulot ng patuloy na kahinaan sa aspektong ito. Kaugnay nito ang nagpapakita ng limitadong pagpapahalaga sa tamang ortograpiya sa mga gawaing akademiko ay nagiging hadlang din sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, lalo na sa pagsusuri ng kahinaan sa pagbabaybay ng mga batang mamamahayag. Ang tamang pagbabaybay ay mahalaga sa larangan ng *campus journalism*, dahil ito ay sumasalamin sa kredibilidad at propesyonalismo ng kanilang isinulat, kaya't kinakailangang pagtuonan ng pansin upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat (Dela Cruz, 2019).

Gayundin sa pag-aaral ni Gonzales (2020), ang kawalan ng sapat na pagsasanay sa tamang paggamit ng Wikang Filipino ay nagdudulot ng malawakang pagkakamali sa pagbaybay, lalo na sa mga teknikal na salita at sa tamang paggamit ng mga titik ng abakada. Ang problemang ito ay hindi limitado sa mga mag-aaral kundi maging sa mga propesyunal, na nagkakaroon ng kahirapan sa tamang baybay dahil sa kakulangan ng *exposure* sa Filipino bilang pangunahing wika sa akademikong at propesyonal na konteksto. Dagdag pa rito, ang kakulangan sa paggamit ng Filipino sa pang-araw-araw na materyales, partikular sa akademikong aspekto ay nagiging sanhi ng limitadong kaalaman sa tamang baybay.

Sa isang kaugnay na pag-aaral ni Reyes (2022), napag-alaman na ang malawakang paggamit ng impormal na anyo ng wika sa mga *social media platform* ay nagreresulta sa mas mababang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay. Isa pang natukoy na suliranin ay ang pagkalito sa mga tunog ng ilang letra, gaya ng "e" at "i" at "o" at "u," na nagdudulot ng maling baybay ng mga salita. Ang mga salik na ito ay may direktang epekto sa kakayahan ng mag-aaral, partikular ng mga batang mamamahayag, na maging epektibong manunulat at tagapagsalita. Ang mga natuklasang ito ay mahalaga sa kasalukuyang pananaliksik dahil nagbibigay ito ng mas malalim na konteksto sa hamon ng pagbabaybay, na isang mahalagang aspekto ng larangan ng pamamahayag sa Filipino.

Dagdag pa rito, marami sa mga kalahok na ang naging sagot sa katanungan ay ang **pagkakaramdam ng kaba**. Ito ang pangkaraniwang karanasan sa kanilang propesyonal na paglalakbay. Ang kaba ay maaaring dulot ng iba't ibang kadahilanan, kabilang ang takot sa pagkakamali sa pagsusulat o pagsasalita sa wikang Filipino, kawalan ng kumpiyansa sa kanilang kasanayan sa wika, o ang pangamba na hindi nila maipahayag ng maayos ang kanilang mga ideya at opinyon. Ang kaba ay maaaring humantong sa hindi epektibong komunikasyon at nagiging hadlang sa pagpapahayag ng kanilang mga balita at kuwento. Gayunpaman, sa pamamagitan ng tamang suporta, pagsasanay, at tiwala sa sarili, maaaring malampasan ng mga mag-aaral na mamamahayag ang kanilang kaba at magtagumpay sa kanilang mga gawain sa pagpubliko.

Ang pagkakaramdam ng kaba ay isa sa mga pangunahing emosyon na nararanasan ng mga mag-aaral sa tuwing sila ay nahaharap sa mga gawaing pampanayam at pagsusulat, partikular sa larangan ng *campus journalism*. Sa kanyang pag-aaral na isinagawa sa mga senior high school sa Pampanga, natukoy na ang kaba ay nagmumula sa takot na magkamali, kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan, at pangamba sa posibleng negatibong puna mula sa mga guro o kapwa mag-aaral. Dagdag pa rito, ang kawalan ng sapat na kaalaman at kasanayan sa paksang kanilang sinusulat ay nagdaragdag din sa pagkakaramdam ng kaba, na nagreresulta sa hindi tiyak at mabagal na proseso ng pagsulat. Bilang resulta sa kaniyang pag-aaral, ipinakita na ang emosyonal na tensyon, tulad ng kaba, ay direktang nakaaapekto sa kalidad ng nilalaman ng isang sulatin, dahil nahihirapan ang mga mag-aaral na magpokus at maipahayag nang malinaw ang kanilang mga ideya. Ang mga natuklasang ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil parehong tinatalakay ang epekto ng emosyon sa kahusayan ng mga batang mamamahayag (Del Rosario, 2022).

Ayon kina Flores at Salazar (2021), ang kaba na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsusulat sa Wikang Filipino ay may malalim na kaugnayan sa kanilang mababang kumpiyansa sa paggamit ng tamang gramatika at pagbabaybay. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan na ang mga mag-aaral na bihira o hindi gaanong nag-eensayo sa pagsulat ay mas malamang makaranas ng mataas na antas ng kaba. Ang emosyonal na tensyon na dulot ng kaba ay nagiging sanhi ng kanilang pag-aatubili na magbahagi ng mga ideya, na nagiging hadlang sa kanilang kakayahan na makapagbigay ng makulay at malinaw na sulatin. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang kakulangan sa pagsasanay sa pagsusulat ay isang kritikal na salik na nagpapaigting sa kaba, na higit pang nagpapababa sa kanilang tiwala sa sarili. Ang mga natuklasan mula sa pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil pinapakita nito na ang mga batang mamamahayag na hindi sanay o hindi komportable sa paggamit ng Filipino sa pagsulat ay may mas mataas na tsansa na makaranas ng kaba, na maaaring magpabagal o magpahina sa kanilang paggawa ng mga artikulo.

**Pagtatagumpayan ng mga Batang Mamamahayag para sa Publikasyong Filipino.** Sa bahaging ito, nilalayon na mabibigyang tugon ang katanungan kung ano-ano ang naging kaparaanan at estratehiya na siyang bitbit ng mga batang mamamahayag na may kahirapan at hamon na kinakaharap sa publikasyong Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik ay naglalayong magbigay liwanag sa mga potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pagbuo ng mga epektibong kasanayan sa pagsulat ng mga pahayagan para sa publikasyong Filipino.

Isiniwalat ng unang tema na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay mayroong **pagsali sa mga *workshop seminar*.** Para sa mga batang mamamahayag, ang pagsali sa mga workshop at seminar ay naging isang mahalagang kaparaanan upang malampasan ang kanilang mga hamon sa buhay. Ang mga aktibidad na ito ay nagbigay sa kanila ng pagkakataong matuto mula sa mga eksperto at propesyonal sa larangan ng pamamahayag, na nagpaunlad sa kanilang mga kasanayan at kaalaman. Sa pamamagitan ng hands-on training at praktikal na pagsasanay, natutunan nila ang mga epektibong pamamaraan sa pagsulat, pag-uulat, at paggamit ng teknolohiya. Bukod dito, ang mga workshop at seminar ay nagbigay ng plataporma para makipag-network sa kapwa mamamahayag, na nagbukas ng mga bagong oportunidad at suporta. Ang mga ito rin ay nagsilbing inspirasyon at motibasyon, nagbibigay ng mga bagong ideya at perspektibo na nakatulong sa kanilang paglago at pag-unlad bilang mga batang mamamahayag. Sa kabila ng mga pagsubok, ang patuloy na pagsali sa mga ganitong aktibidad ay nagpatibay sa kanilang determinasyon at kakayahang harapin ang mga hamon sa kanilang propesyonal na buhay.

Ayon kay De Leon (2023), ang pagsali sa mga *workshop at seminar* ay isa sa mga epektibong estratehiya na ginagamit ng mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamon sa pagsusulat. Sa kanyang pag-aaral sa mga batang mamamahayag mula sa ilang pampublikong paaralan sa Mindanao, ipinakita na ang mga seminar na nakatuon sa pagsusulat, gramatika, at balarila ay nagbigay sa mga mag-aaral ng mas malawak na kaalaman at masusing pagsasanay sa pagbuo ng dekalidad na sulatin. Bukod dito, ang mga *workshop* na isinagawa ay nagpatunay na ang *hands-on* na aktibidad at gabay mula sa mga eksperto ay nagbawas ng kaba at kawalang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan. Natutuhan din nila ang tamang pamamahala ng oras at mga teknik sa pagpapahayag ng ideya. Ang mga programang ito ay hindi lamang nagtuturo ng teknikal na aspeto ng pagsusulat, kundi nagbibigay din ng inspirasyon at suporta na mahalaga sa pagbuo ng kanilang kumpiyansa. Ang resulta ng mga pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil ipinapakita nito na ang pagsali sa workshop at seminar ay isang konkretong hakbang upang mapagtagumpayan ng mga batang mamamahayag ang mga hamon sa larangan ng pamamahayag.

Gayundin sa isang pag-aaral ni Garcia (2023), karaniwang isinasagawa sa mga rehiyon na may aktibong programa sa *campus journalism*, tulad ng Region IV-A at National Capital Region (NCR). Sa mga rehiyong ito, mas pinagtutuunan ng pansin ang pagpapahusay ng kasanayan ng mga batang mamamahayag sa pamamagitan ng mga seminar na inorganisa ng Department of Education (DepEd) o ng mga *non-government organizations* na nakatuon sa edukasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa kanyang pag-aaral na ang pagsasagawa ng mga workshop sa mga lugar na ito ay naglalayong tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng dekalidad na artikulo at responsableng pamamahayag. Dagdag pa, ang aktibong pakikilahok ng mga paaralan sa mga programang tulad ng Division Press Conference (DPC) ay nagiging epektibong plataporma para sa pagsasanay ng mga kalahok mula sa rehiyon. Ang mga inisyatibang ito ay nagpapakita na ang mga rehiyong nabanggit ay nagbibigay ng malaking suporta sa pagpapabuti ng *campus journalism*, na lubos na kapaki-pakinabang sa mga batang mamamahayag.

Ang ikalawang tema ng pag-aaral ay nagsiwalat na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nagkakaroon ng malalimang **pag-aaral sa *copy reading* at *copy writing*.** Hindi maipagkakaila na ito ang pundasyon ng dekalidad na journalism. Sa copy reading, natututo ang mga mamamahayag na suriin at i-edit ang kanilang mga artikulo para sa tamang gramatika, baybay, at estilo, na mahalaga upang masiguro ang kalinawan at kawastuhan ng impormasyon. Pinapahusay din nito ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip at pagiging detalyado, na nag-aambag sa mas mataas na kredibilidad ng kanilang mga lathalain. Samantala, ang copy writing ay nagbibigay-daan sa kanila na magsulat ng makatawag-pansing mga headline at nilalaman na may malinaw at maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya. Ito ay mahalaga upang makuha at mapanatili ang atensyon ng mga mambabasa. Ang mastery sa parehong copy reading at copy writing ay nagpapabuti sa kakayahan ng mga batang mamamahayag na maghatid ng mga balita at impormasyon nang epektibo at propesyonal, na isang mahalagang kasanayan sa kanilang paglago sa propesyonal na larangan.

Ayon kay Delos Reyes (2021), ang pagsasanay sa copy reading at copy writing ay may mahalagang papel sa paghubog ng kasanayan ng mga batang mamamahayag, partikular sa mga pampublikong paaralan sa Rehiyon III. Ang kanyang pag-aaral ay nagpakita na ang kakulangan sa tamang pagsasanay sa aspektong ito ay nagdudulot ng mga pagkakamali sa gramatika, baybay, at istruktura ng sulatin. Bukod dito, lumabas din na ang kawalan ng malalim na kaalaman sa pagsusuri ng nilalaman ay nagiging dahilan ng mababang kalidad ng mga artikulo. Gayunpaman, ipinakita rin sa pag-aaral na ang regular na pagsasanay sa *copy reading* at *copy writing* ay epektibong solusyon sa problemang ito. Sa pamamagitan ng praktikal na gawain at *mentoring* mula sa mga eksperto, natututo ang mga mag-aaral na suriin ang mga detalye ng isang sulatin nang mas maayos, na nagreresulta sa mas malinaw, organisado, at dekalidad na nilalaman. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil pinapatibay nito ang ideya na ang kasanayan sa *copy reading* at *copy writing* ay isang mahalagang pagsasaalang-alang ng responsableng pamamahayag na dapat pagtuonan ng pansin ng mga batang mamamahayag.

Ayon kay Villanueva (2024), ang *mastery* o pagiging bihasa sa parehong *copy reading* at *copy writing* ay isang mahalagang hakbang sa paghubog ng mga propesyonal na mamamahayag. Sa pamamagitan ng mahusay na pagsasanay, natututo ang mga batang mamamahayag kung paano maghatid ng mga balita nang epektibo at propesyonal. Ang kanyang pag-aaral, na isinagawa sa mga *junior high school* sa Central Luzon, ay nagpakita na ang kasanayan sa mga prosesong ito ay hindi lamang nagpapataas ng kalidad ng kanilang mga nilalaman kundi nagpapalakas din ng kanilang kredibilidad at tiwala sa sarili sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin bilang tagapaghatid ng balita. Dagdag pa rito, lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na bihasa sa *copy reading* at *copy writing* ay mas handang tumanggap ng kritisismo at mas may kakayahang ayusin ang mga pagkakamali sa kanilang gawa. Ang mga natuklasang ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil ipinapakita nito ang kahalagahan ng mga kasanayang ito sa pagpapabuti ng kalidad at pagiging epektibo ng *campus journalism.*

Ang ikatlong tema ng pag-aaral ay nagsasaad na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nagkakaroon ng malalimang **pagbabasa ng mga *printed materials* sa Filipino.** Ang pagbabasa ng mga printed materials sa Filipino ay may malaking kahalagahan para sa mga batang mamamahayag. Una, pinapahusay nito ang kanilang kaalaman sa wika, lalo na sa tamang gramatika, pagbaybay, at gamit ng salita. Pangalawa, nagbibigay ito ng malalim na pag-unawa sa kultura, kasaysayan, at mga isyung panlipunan na nakaugnay sa wikang Filipino, na mahalaga sa pagbabalita at pagsulat ng makabuluhang mga artikulo. Pangatlo, sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba't ibang uri ng printed materials, tulad ng mga dyaryo, magasin, at aklat, natututo silang magsuri at mag-analisa ng mga ideya at impormasyon, na nagiging daan para sa mas kritikal na pag-iisip. Panghuli, ang exposure sa iba't ibang estilo at anyo ng pagsulat ay nagbibigay ng inspirasyon at teknik sa kanilang sariling pagsusulat, na nag-aambag sa kanilang pag-unlad bilang mga epektibong mamamahayag.

Ayon kay Bautista (2023), ang pagbabasa ng mga printed materials sa Filipino, tulad ng pahayagan, magasin, at aklat, ay may malaking kontribusyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat at paggamit ng wika. Sa mga pampublikong paaralan sa Rehiyon VI, natuklasan na ang regular na pagbabasa ng mga ganitong materyales ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad para sa mga mag-aaral na maunawaan ang wastong balarila, pagbabaybay, at istilo ng pagsulat. Dagdag pa rito, lumabas din na ang pagbabasa ay isang mahalagang estratehiya upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral at mahasa ang kanilang kakayahan sa kritikal na pagsusuri ng mga teksto. Ang ganitong gawain ay nagdudulot din ng mas mataas na antas ng kumpiyansa sa pagsusulat, dahil nagiging gabay nila ang mga materyales na kanilang nabasa sa paglikha ng dekalidad na sulatin. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil ipinapakita nito na ang pagbabasa ng mga *printed materials* sa Filipino ay isang epektibong paraan upang malampasan ng mga batang mamamahayag ang mga hamon sa pagsusulat, partikular sa larangan ng *campus journalism.*

Dagdag pa ni Ramirez (2024), ang malalimang pagbabasa ng mga nakaprintang materyales, tulad ng pahayagan, magasin, at aklat, ay nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip sa mga mag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

aaral. ipinakita na natututo ang mga mag-aaral na magsuri, mag-analisa, at bumuo ng sariling opinyon mula sa kanilang nabasa. Ang ganitong gawain ay mahalagang hakbang tungo sa mas mataas na antas ng pagiging mamamahayag, dahil pinapahusay nito ang kanilang kasanayan sa wika at pagsusuri. Dagdag pa, binibigyang-diin ng pag-aaral na ang pagbabasa ng mga nakaprintang materyales ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu ng lipunan, na mahalaga sa responsableng pamamahayag. Ang kaalamang nakukuha mula sa pagbabasa ay nag-aambag sa kanilang kakayahang makapaghatid ng dekalidad na balita at sa kanilang pag-unlad bilang mga propesyunal na mamamahayag. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita ng kaugnayan ng pagbabasa sa pagpapalawak ng perspektiba ng mga batang mamamahayag, na isang mahalagang aspekto ng kasalukuyang pananaliksik.

May mga panahon talaga na hindi kinakaya ng sariling kaalaman lamang kung kaya ang mga batang mamamahayag ay muling tumuklas ng panibagong ideya sa pamamagitan ng **paglalakbay sa *online websites*.** Ang paglalakbay sa online websites ay malaki ang naitutulong sa mga batang mamamahayag sa iba't ibang paraan. Una, nagbibigay ito ng mabilis at malawak na access sa impormasyon mula sa iba't ibang mapagkukunan, na mahalaga para sa pananaliksik at pag-unlad ng kanilang mga artikulo. Pangalawa, natututo sila ng iba't ibang estilo at anyo ng pagsulat mula sa mga online news articles, blogs, at iba pang digital content, na nagpapayaman sa kanilang sariling pamamaraan ng pagsusulat. Pangatlo, ang exposure sa mga online platforms ay nagbibigay-daan sa kanila na maging updated sa mga kasalukuyang balita at mga trending na isyu, na mahalaga para sa kanilang pagiging relevant at timely sa pagbabalita. Panghuli, ang paggamit ng mga online tools at resources, tulad ng grammar checkers at plagiarism detectors, ay nagpapabuti sa kalidad ng kanilang trabaho at nakakatulong upang mas maging propesyonal ang kanilang mga output. Sa kabuuan, ang paglalakbay sa online websites ay isang mahalagang kasangkapan para sa patuloy na pag-aaral at pag-unlad ng mga batang mamamahayag sa modernong panahon.

Sa pananaliksik ni Garcia (2020) na naglalayong suriin ang papel ng mga online platform sa pagpapalawak ng kasanayan sa pamamahayag. Binibigyang-pansin nito kung paano ang paggamit ng mga *online websites*, tulad ng mga *digital news sources* at *blogs*, ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa pagbabalita, pag-unawa sa mga *digital* na *tool*, at paggamit ng iba't ibang estilo ng pagsulat, at ang internet ay nagbigay ng mabilis at malawak na *access* sa iba't ibang uri ng impormasyon, mula sa lokal hanggang sa pandaigdigang balita. Ang *accessibility* na ito ay mahalaga sa pananaliksik, na nagpapadali ng pagkolekta ng datos at pagsasagawa ng mga malalimang pagsusuri na kailangan sa pagbubuo ng mga dekalidad na artikulo at napalawak nila ang kanilang kakayahan bilang mga modernong mamamahayag.

Dagdag pa ni Smith (2021), ang paggamit ng online websites bilang mapagkukunan ng impormasyon ay isang mahalagang kasanayan na ginagamit ng mga mag-aaral upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagsulat at pananaliksik. Sa kanyang pag-aaral na isinagawa sa South Korea, natuklasan na ang mga mananaliksik ay kadalasang umaasa sa mga online na plataporma tulad ng news websites, digital archives, at educational resources upang makakuha ng tamang datos at mapagkakatiwalaang impormasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin na ang pagiging pamilyar sa paggamit ng mga *online sources* ay nagdudulot ng mas mabilis na *access* sa impormasyon, ngunit kalakip nito ang hamon ng pagsala sa kredibilidad ng mga nakuhang datos. Lumabas din na ang mga mag-aaral na may masusing kasanayan sa paggamit ng mga *online websites* ay mas nagiging epektibo sa pagsulat at pagsuri sa mga isyung panlipunan. Ang mga natuklasan mula sa pananaliksik ni Smith ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral, dahil binibigyang-pansin nito ang papel ng teknolohiya sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga batang mamamahayag, partikular sa konteksto ng paggamit ng mga online resources bilang bahagi ng kanilang proseso ng pamamahayag.

**Pananaw ng mga Batang Mamamahayag para sa Publikasyong Filipino.** Ang tanong sa pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng sekondarya na kasalukuyang sumasabak sa larangan ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino.

Napagtanto ng mga kalahok na ang naging buhay karanasan nila ay hindi na kagaya ng dati datapwa't sila'y abalang-abala na kung kaya isa sa mga naging pananaw nila ay ang **pagpapahalaga sa pagbalanse ng oras.** Ito ang nagtatakda ng kanilang kakayahan na matugunan ang mga responsibilidad sa pag-aaral at sa larangan ng journalism nang sabay-sabay. Sa pamamagitan ng pagkakaugnay ng kanilang oras sa pag-aaral at sa pagiging mamamahayag, natututunan nilang pagyamanin ang kanilang kasanayan sa pagsusulat at pagbabalita nang hindi naaapektuhan ang kanilang pag-aaral.

Batay sa naging pag-aaral ni Safarie (2022), ang epektibong pagbabalanse ng oras ay itinuturing ng mga mag-aaral na isang mahalagang kasanayan sa kanilang tagumpay bilang mga mamamahayag. Sa kanyang pag-aaral na isinagawa sa mga *senior high school*, partikular sa Central Visayas, ipinakita na ang tamang pamamahala ng oras ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na matugunan ang kanilang mga akademikong responsibilidad habang aktibong lumalahok sa mga gawaing pangkampus. Lumabas sa pananaliksik na ang mga mag-aaral na nagbibigay-pansin sa pagbabalanse ng oras ay nagiging mas produktibo at hindi gaanong nai-*stress*, dahil napapamahalaan nila ang kanilang oras para sa pagsulat, pagsasaliksik, at mga personal na aktibidad. Dagdag pa rito, nakita na ang pagpapahalaga sa aspetong ito ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng kumpiyansa at kasiyahan sa kanilang ginagawa, dahil natututunan nilang tugunan ang mga hamon ng pagiging estudyante at mamamahayag nang sabay. Ang pananaw na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng *time management* sa pagpapabuti ng kalidad ng trabaho at sa pagpapanatili ng maayos na kalusugan ng isip, na mahalagang bahagi ng kasalukuyang pag-aaral.

Umangkla rin ang pag-aaral kay Villanueva (2024), natututo ang mga mag-aaral na gumawa ng sistema ng pamamahala sa

kanilang oras na nagbibigay-daan sa kanila upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng kanilang mga tungkulin bilang estudyante at batang mamamahayag. Sa kanyang pag-aaral, ipinakita na sa pamamagitan ng maayos na time management, napagyayaman ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagsusulat nang hindi naaapektuhan ang kanilang akademikong pagganap. Ang tamang pamamahala ng oras ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang maging mas mahusay at epektibong tagapagbalita, habang pinananatili pa rin ang magandang akademikong performance. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagpapahalaga sa pagpapabalanse ng oras ay hindi lamang nagdudulot ng mas mataas na antas ng propesyonalismo sa kanilang larangan, kundi nag-aambag din sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang mga tungkulin bilang mag-aaral. Ang pananaw na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik, dahil ipinapakita nito na ang time management ay isang kritikal na aspeto sa paghubog ng mga batang mamamahayag at ang kanilang kakayahang magtagumpay sa parehong akademiko at propesyonal na larangan.

Ang **kaalaman sa wikang Filipino ay pinakadiwa sa kwento** ay siyang tunay sapagkat sa pamamagitan ng paggamit ng Wikang Filipino sa paglalahad ng mga kwento, nagiging buhay at masining ang pagpapahayag ng mga damdamin at karanasan ng mga taong bahagi ng lipunan. Ipinapakita ng wika ang pagkakaiba-iba ng mga pananaw, pagnanais, at pagpapahalaga ng mga Pilipino, na nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa at koneksyon sa kanilang kapwa at sa lipunan. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang ito sa pagkukuwento, naihahatid nang epektibo ang mga detalye, emosyon, at kaisipan na may pagka-Pilipino, na nagbibigay ng kakaibang kulay at yaman sa bawat kuwento.

Ayon pa nga ni Santos (2018) sa kaniyang pag-aaral, nakasaad sa kung paano nakaapekto ang proficiency sa wikang Filipino sa kakayahan ng mga estudyante na maglikha ng makabuluhang mga kuwento. Tinalakay dito ang kung paano ang paggamit ng tamang pagkakaunawa sa wika at kultura ng Filipino ay nagbibigay ng kalaliman at pagsasalin-salin ng damdamin at karanasan sa mga naratibong isinusulat ng mga estudyante. Hayag din sa kanyang pag-aaral na masusing nasusuri ang malawakang paggamit ng Filipino sa ilang publikong paaralan sa Pilipinas bilang wikang panturo sa pagkatuto.

Dagdag pa niya na sa pamamagitan ng ganitong uri ng pag-aaral, mas nauunawaan natin kung paano ang kaalaman sa wikang Filipino ay hindi lamang isang kaalaman sa gramatika at bokabularyo, kundi isang pundasyon ng pagpapahayag ng kultura at identidad sa pamamagitan ng paglalahad ng mga kuwento. Ang kanyang pag-aaral ay may malaking ugnayan sa kasalukuyang pananaliksik dahil lubos ding sinusuri rito ang kahalagahan ng wikang Filipino sa komunikasyon, pasulat man o pabigkas (Santos, 2018).

Inilahad naman ng ikatlong tema ang **kahalagahan sa pagpapanatili sa integridad.** Ang pagpapanatili sa integridad sa publikasyong Filipino ng mga batang mamamahayag ay may malaking kahalagahan sa pagpapalakas ng kanilang reputasyon at kredibilidad bilang mga mamamahayag. Sa pamamagitan ng pagiging tapat at makatotohanan sa kanilang mga balita at artikulo, natututukan ng mga batang mamamahayag ang pagtatala ng kasaysayan at mga pangyayari ng lipunan. Ang integridad ay nagpapakita rin ng kanilang dedikasyon sa propesyonalismo at pagpapakita ng tamang halimbawa sa kanilang mga mambabasa, na nagpapabuti sa kanilang respeto at impluwensya sa industriya ng media at publikasyon.

Ayon sa isang pag-aaral ni Garcia (2019) na pinamagatang *Ethics and Integrity in Journalism: A Comparative Study of Practices in Filipino Newsrooms* kung saan sinusuri ng pag-aaral na ito ang mga kasanayan at pamamaraan ng mga mamamahayag sa Pilipinas pagdating sa etika at integridad sa kanilang propesyon. Ang pag-aaral na ito ay nauugnay sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat hinangangad nito ang makabuluhan at epektong pamamahayag sa maingat at may integridad na pagbabahagi ng impormasyon at ulat.

Gayundin sa pag-aaral na *The Role of Integrity in Enhancing Credibility in Filipino Media* ni Santos (2020) kung saan tinatalakay ng pag-aaral na ito kung paano nakakatulong ang integridad sa pagpapalakas ng kredibilidad ng mga *media outlet* sa Pilipinas. Ito ay maiuugnay sa kasalukuyang pag-aaral dahil sinusuri nito ang pagiging makatotohanang tugon mula sa mga mag-aaral na mamahayag kung paano maginbg masinop sa kanilang gawaing pamamahayag na naglalayong magbigay ng mga rekomendasyon para sa mga mamamahayag at organisasyon.

Lumilitaw rin ang ika-apat na tema na siyang pananaw rin ng mga kalahok bilang **inobasyon ang daan sa pagkamalikhain,** dahil ito ang nagbibigay daan sa kanila upang lumikha ng bagong mga pamamaraan at ideya sa larangan ng pamamahayag. Sa pamamagitan ng pagiging inobatibo, natututunan ng mga mamamahayag na maghanap ng mga solusyon sa mga hamon ng lipunan, makabuo ng makabuluhang mga kwento, at magbigay ng bago at kakaibang pananaw sa mga pangyayari. Ang inobasyon ay nagpapalawak din ng kanilang kakayahan na makipagsabayan sa teknolohiya at pagbabago, na nagbibigay sa kanila ng kakayahang makagawa ng mas epektibong mga produksyon at lumikha ng mas malalim na ugnayan sa kanilang mga mambabasa. Sa kabuuan, ang inobasyon ay naglalarawan ng pagiging mapanlikha ng mga batang mamamahayag sa pagharap sa mga modernong hamon at pagbabago sa industriya ng pamamahayag.

Sinusuri sa naging pag-aaral ni Chua (2019) na *"Innovation in Journalism: Exploring New Media Practices Among Young Journalists"* kung paano nakapagbibigay ang mga bagong *media practices* ng oportunidad sa mga batang mamamahayag na mag-ambag ng mga inobatibong ideya sa larangan ng pamamahayag. Ang pag-aaral na ito ay umaangkla sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat bilang resulta na nakalap mula sa naging tugon ng mga kalahok ang pagiging malikhain upang lubos na kaayaaya ang gagawing sulatin o pamamahayag.

Sagisag din ng pag-aaral na ito sa isang sikat na pag-aaral ni Gomez (2020) "*The Impact of Digital Innovation on*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Storytelling Techniques in Filipino Journalism*" kung saan tinatalakay ng pag-aaral na ito kung paano nakaimpluwensya ang digital na inobasyon sa mga pamamaraan ng pagsasalaysay ng mga kwento sa Filipino *journalism.* Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa pananaw na ito dahil sinusugid nito ang mga *creative approaches* na ginagamit ng mga kabataan sa produksyon ng midya, na nagpapakita ng kanilang kakayahan sa paglikha ng mga bagong kaisipan at *format*.

**Implikasyon sa Kasanayang Pagtuturo**

Ang resulta sa pananaliksik na ito ay nagsiwalat ng solidong ebidensya hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag para sa publikasyong Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagsilbing hamon sa lahat ng mga mamamahayag na may malaking ginagampanan sa loob o sa labas man ng kampus. Ang mga karanasan ng mga batang mamamahayag ay malawakang nakaaapekto sa iba't ibang aspeto ng kanilang personal at propesyonal na buhay. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsusulat at pag-uulat, napapahusay ang kanilang kasanayan sa pagsusulat at komunikasyon, habang ang positibong tugon ay nagtataas ng kanilang kumpiyansa at pagpapahalaga sa sarili. Sa kabuuan, ang mga karanasang ito ay humuhubog sa kanila bilang mga responsableng mamamahayag at miyembro ng lipunan, na magdadala ng pangmatagalang benepisyo sa kanilang personal at propesyonal na buhay.

Samakatuwid, iminumungkahi ng mananaliksik na ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ay mas pagtibayin pa at gawing seryoso upang magkaroon sila ng sapat na kaalaman sa wika maging na rin madagdagan ang kanilang bokabularyo nang sa ganun ay hindi na sila mahirapan pa sa hinaharap. Higit pa rito, ito ay isang panawagan na rin para sa mga mag-aaral na gawin ang kanilang parte. Kung nahihirapan man sila ngayon ay sana magsilbi itong aral at leksyon na gawin at sundin ang naisip nilang kaparaanan upang mapagtagumpayan ang mga hamon maging ang mga napagtanto nila.

Sa **Department of Education (DepEd)** at mga tagapamahala ng paaralan dahil sila na ang mas magpapalawig sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral. Mahalagang palakasin at pagtibayin ang ilang mahahalagang aspekto. Dapat magpatupad ng mga kurikulum na nakatuon sa tamang paggamit ng Wikang Filipino, kabilang ang pagbaybay, gramatika, at estilistika sa pagsusulat. Mag-organisa ng regular na pagsasanay, workshop, at seminar na pinangungunahan ng mga eksperto sa pamamahayag, na tututok sa iba't ibang anyo ng pagsusulat tulad ng imbestigatibong pamamahayag at lathalain. Magbigay ng mga programa sa pamamahala ng oras at *stress management* upang matulungan ang mga estudyante na balansehin ang kanilang akademikong gawain at responsibilidad sa journalism. Isama rin sa kurikulum ang mga kurso sa etika at integridad upang matiyak ang pagiging mapagkakatiwalaan at responsible ng mga mamamahayag. Siguraduhin din na may access ang mga *student-journalists* sa makabagong teknolohiya at kagamitan sa pamamahayag. Hikayatin ang pakikilahok sa mga internship at campus journalism programs para sa praktikal na karanasan. Sa huli, himukin ang kanilang pakikilahok sa gawaing pananaliksik at mag-publish ng kanilang mga gawa, na maaaring suportahan sa pamamagitan ng mga *grant* at *scholarship*. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, matutulungan ng DepEd ang mga *student-journalists* na mapaunlad ang kanilang kasanayan at maging handa sa propesyonal na pamamahayag.

Mahalagang maiparating muna sa mga nasa itaas ang resulta at pangunahing punto ng pananaliksik na ito sapagkat sila ang may kapangyarihan sa pagpapayabong ng ating wika. Ang kanilang mga desisyon sa pagbabago ng sistema ng edukasyon ay may malaking epekto sa asignaturang Filipino. Dapat nilang malaman kung ano ang kailangang gawin upang maiwasan ang mga pagsubok na kinakaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag sa publikasyong Filipino, nang sa gayon ay mapadali ang kanilang karanasan at pagkatuto.

Bilang karagdagan, iminumungkahi rin na ang mga kaugnay na pananaliksik sa hinaharap tungkol sa ganitong uri ng pag-aaral ay dapat na isagawa upang masubaybayan ang mga resulta ng mga pagbabagong nagaganap sa mga mag-aaral hinggil sa tamang pagkatuto nila ng wika at sa paggamit nito. Sa **susunod na mga mananaliksik**, nawa'y maipagpatuloy nila ang adhikain na maaksyunan kaagad ang mga suliraning kinakaharap ng lipunan partikular na sa mga mag-aaral na lubusang nahihirapan ngayon sa wikang Filipino- pasalita man o pasulat.

Ang tamang kaalaman sa wika ay isang malaking bahagi, sapagkat kung hindi ito bibigyan ng sapat na pansin, maaaring unti-unti nang mawala at mamamatay. Lalong-lalo na ang wikang Filipino, nararapat lamang din na mas dumarami pa ang isasapublikong pahayag na nakasaad sa wikang Filipino upang muling yayabong ang sariling wika ng mga Pilipino.

Mula sa mga temang lumabas sa pakikipanayam sa mga kalahok, malinaw na lumilitaw ang malubhang hamon na hinaharap ng mga ito, pati na rin ng iba pang mga mag-aaral sa Pilipinas. Isa sa mga pangunahing problema na kanilang kinakaharap ay ang pagakakaroon ng kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino pati na rin sa tamang pagbabaybay ng mga salita sa wikang nababanggit. Sa kanilang mga karanasan, natutuhan nila ang halaga ng pagharap sa mga hamon at ang pangangailangan na magpatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang mga ganitong pagsubok sa hinaharap.

Bilang isang mananaliksik at guro sa hinaharap, napansin ko ang pangangailangan para sa isang pag-aaral o pananaliksik hinggil sa kasalukuyang isyu tulad ng hirap sa paggamit ng wikang Filipino at sa tamang pagbaybay ng ibang mga salita sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga tema na lumitaw, maipapakita ko na may mga karanasan tayong kailangang harapin bago natin mapagtanto ang mga posibleng solusyon at hakbang na pwede nating gawin upang malagpasan ang mga hamon na ito at maiwasan ang mga ito sa hinaharap. Napansin ko rin na madalas tayong nababalot ng iba't ibang aspeto na nakakaapekto sa ating kaalaman, kumpyansa, at kakayahan sa pagsulat para sa publikasyong Filipino. Ang limitadong kaalaman sa wikang Filipino ay maaaring maging hadlang din sa tamang pagbuo at pagsulat ng mga pahayagan at kuwento na

maaaring magresulta sa hindi magandang kinalalabasan ng isang artikulo.
Ang mga natutuhan at aral na nakuha ng mga kalahok ay mahalaga na ibahagi sa lahat ng mga mambabasa ng pananaliksik na ito, lalo na sa mga taong mayroon ding mga hamon sa pagsulat ng mga artikulo at balita tulad nila. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing gabay at inspirasyon para sa mga mag-aaral at guro upang matutuhan ang mga bagong leksyon at makakuha ng bagong pananaw sa usaping ito. Mahalaga ang pananaliksik na ito para sa lahat, dahil ito ay naglalayong mapabuti ang kalagayan ng parehong guro at mag-aaral.

Bilang isang mag-aaral na kasalukuyang kumukuha ng kurso sa Filipino at balang araw ay maging isang guro rin sa hinaharap, plano kong gamitin ang mga natutuhan sa pag-aaral na ito upang maiwasan ang mga negatibong karanasang nararanasan ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng dekalidad na proseso tungo sa tamang pagsulat at pagbuo ng isang artikulo. Ang mga aral na kanilang natutuhan ay magiging gabay ko sa pagtuturo upang mapadali ang kanilang pagsulat at mapalawak pa ang kanilang kaalaman. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga ito, inaasahan kong maging mas magaan at mas maganda ang kanilang karanasan sa larangan ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino.

**Implikasyon sa Susunod na Pananaliksik**

Ang pinalalim na panayam (*in-depth-interview*) at pangkalahatang talakayan (*focus-group discussion)* ay nagpakita ng isang pangkalahatang-ideya nang kung paano nagsasalin ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Ang mga karanasan at mga hamon na kanilang naranasan ay dapat kilalanin sa pamamagitan ng karagdagang pananaliksik

Marami ang dapat na gawin para maipatupad at maisabuhay ang resulta ng pananaliksik na ito. Kinakailangan ito ng masusing pag-aaral at dapat na pagtuonan ng malalimang pansin. Ang pag-aaral na ito ang siyang kumakatawan sa lahat ng mga mag-aaral sa buong bansa na nahihirapan pa rin sa pagsulat at pagbuo ng mga sulatin na may kaugnayan sa larang ng *journalism.*

Hindi rito nagtatapos ang pag-aaral bagkus mas mapapatibay at mas lalawak pa ang nilalaman nito kung patuloy na gagawa ng pananaliksik ang mga susunod na mananaliksik. Dito makikita na malaki talagang suliranin ang isyung ito. Ang pagsusuri ng maayos sa problemang nasa lipunan ngayon ay mainam dahil mas malalaman at maiintindihan pa ang mga balakid na siyang humahadlang dito. Ang pagsasaayos sa mga napapanahong suliraning mayroon ang ating bansa ay nararapat lamang na unahin, bigyang pansin, at pahalagahan dahil hindi natin alam malaki na pala ang epekto nito sa mga mamamayan. Hindi lang ang mga tao ang naapektuhan kundi buong bansa na rin.

Magiging tulay ang pag-aaral na ito sa mas marami pang pagkakataon na maliwanagan ang mga Pilipino sa tunay na kahalagahan ng bawat pakikipagsapalaran ng mga batang mamamahayag para sa publikasyong Filipino. Hindi lamang ito upang luminang ang ating kaalaman sa ating sariling wika bagkus ay upang hindi mawala ang ating pagkakakilanlan. Ang pagpapalawig ng ating kaalaman sa pamamahayag ang isa sa magiging daan natin patungo sa tagumpay at upang hindi na mahirapan sa mga susunod pang hamon sa larangan na ito. Sa pag-aaral na ito, maisasabuhay muli ang kaisipan ng tunay na halaga ng pamamahayag na siyang sumasagisag sa lupalop ng mundo sa paghahatid ng mga napapanahong isyu.

**Panapos na Pahayag**

Sa Ang paglakbay sa paggawa ng pananaliksik na ito ay nagpakita ng hindi madaling pagsubok, kung saan madalas nawawalan ng motibasyon ang mga estudyante. Sa kabila ng mga hamon, naging makabuluhan ang paglalakbay sa pagtuklas ng mga karanasan, saloobin, at pananaw ng mga estudyante. Personal na naramdaman ng mananaliksik ang mga hinaing ng mga estudyante sa kanilang buhay bilang mag-aaral.

Bilang isang mananaliksik, napakahirap makakuha ng kaugnay na literatura dahil karamihan nito ay nasa wikang Ingles na kailangang isalin sa Filipino. Ang oras ay isa rin sa mga hamon dahil hindi agad-agad *available* ang mga partisipante para sa panayam dahil sa kanilang mga personal na gawain. Hindi maiiwasan ang pagod, puyat, at gastusin sa proseso ng pananaliksik, ngunit sa kabila ng mga ito, ang pag-aaral ay nagdulot ng kaalaman sa mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag sa paglilimbag ng Filipino.

Sa konklusyon, isiniwalat ng pag-aaral na ang mga kalahok ay may iba't ibang karanasan, tulad ng mga hadlang sa pagbuo ng pahayag, kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino, kahinaan sa pagbaybay ng mga salita sa Filipino, at ang pagkakaramdam ng kaba para sa publikasyong Filipino. Bilang karagdagan, ang mga kalahok ay gumagamit ng iba't ibang mga mekanismo ng pagkaya, tulad ng pakikilahok sa seminar workshop, pagbabasa ng printed materials sa Filipino, pag-aaral sa *Copy Reading* at *Copy Writing*, at paglalakbay sa *Online Websites*. Higit pa rito, ang mga kalahok ay nagbahagi ng mahahalagang pananaw tungkol sa pag-aaral, na binibigyang-diin ang pagbabalanse ng oras, wikang Filipino ang pinakadiwa ng kuwento, kahalagahan sa pagpapanatili ng integridad sa publikasyong Filipino, at ang inobasyon ay daan sa pagiging mapanlikha.

Sa kabilang dako, ang pag-aaral na ito ay ipinapakita kung paano hinaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag ang kanilang buhay na mga karanasan sa larang ng pamamahayag para sa publikasyong Filipino, bitbit ang mga hamon, emosyon, at mga balakid sa pakikipagsapalaran sa larangang ito. Subalit napagkikitaan din naman ng iba't ibang pamamaraan at estratehiya kung paano lagpasan ang bawat hamong kinakaharap. Hindi rin lumulubog sa pag-aaral na ito ang mga pananaw na maaaring maging motibasyon at inspirasyon para sa mga kabataang nagpaplano na tatahak, susubok, at susunod sa kanilang yapak bilang isang mamamahayag sa publikasyong Filipino.

**TALASANGGUNIAN**

1. *Aguilar, R. (2020). The Art of Translation: Understanding the Deeper Meaning. Journal of Linguistic Studies, 15(2), 45-58.*

2. *Agus Wismanto Journal of Namibian Studies: History Politics Culture 34, 6528–6537-6528–6537, 2023*
3. *Ali, S. W., Husain, N., Badu, H., & Umar, I. (2022, Mei). Problems in Translation: The Case of EFL Learners in Translating Cultural Texts. Jurnal Ideas, 8(2), 417-428, doi: 10.32884/ideas.v8i2.701*
4. *Allan Bi Bernardo International Publications of Filipino Social Scientists in Universities: Responding to Global Changes in Knowledge Production (p. 393) -2018*
5. *Anssi Paasi Environment and Planning A 37 (5), 769-789, 2005 International journal publishing spaces*
6. *Anwar, I., & Rosa, R. N. (2020). The Role of Morphological Awareness and Explicit Morphological Instructions in ELT. Language Literacy: Journal of Linguistics, Literature and Language Teaching, 4(1), 28-37.*
7. *Artan, Aurora, 2022//SAVE THE JOURNALIST: NEWS MEDIA IN TIME OF CRISIS.*
8. *Ayesha Qamar, Samia Manzoor, Ms Aqsa Iram Shahzadi Sjesr 3 (2), 267-277, 2020 Vol 3 No 2 (2020): April – June 2020 (Spring) / Articles*
9. *Baker, M. (2021). Training for Translators: Enhancing Skills and Knowledge. Journal of Translation Studies, 12(4), 98-112.*
10. *Balod, H. S. B., & Hameleers, M. (2021). Fighting for truth? The role perceptions of Filipino Journalists in an era of mis- and disinformation. Journalism, 22(9), 23682385.AdvanceonlinePublication.https://doi.org/10.1177/1464884919865109*
11. *Banfi, C., Kemeny, F., Ganghl, M., Schulte-Korne, G., Moll, K., & Landerl, K. (2017). Visuo-Spatial Cueing in Children with Differential Reading and Spelling Profiles. PLoS ONE, 12, (7), 1-20.*
12. *Barbara Kamler Studies in higher education 33 (3), 283-294, 2019 Rethinking doctoral publication practices: Writing from and beyond the thesis*
13. *Bautista, F. (2022). The role of networking in the growth of young journalists: Insights from seminars and workshops. Philippine Journalism Review, 19(3), 72-88.*
14. *Bautista, F. (2023). Expanding writing styles: The influence of reading printed materials on student journalists. Philippine Literary Review, 17(3), 61-75.*
15. *Bautista, F. (2023). Overcoming language barriers in campus journalism: The Filipino language challenge. Journal of Educational Communication, 17(2), 94-110.*
16. *Bergstorn, J. (1892), Experiments Upon Phsycological Memory by Means of interference of Association. Basic Psychology: Studies on interference. Vol. 5, No. 3 (Apr. 1893), pp. 356-369. https://doi.org/10.2307/1410999*
17. *Bleakley Alan, Brice Julie, Bligh John (2008). Thinking the Postcolonial in Medical Education. Medical Education. 42: 266-70.*
18. *Boyatzis, R.E. (1998). Transforming qualitative information: Thematic analysis and code development. Sage. London. https://www.amazon.com/Transforming-Qualitative-Information-Thematic-Development/dp/0761909613*
19. *Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3:2, 77-101*
20. *Braun, V., & Clarke, V. (2013). Successful qualitative research: A practical guide for beginners. Sage Publications. https://us.sagepub.com/en-us/nam/thematic-analysis/book248481*
21. *Britton, J., Burgess, T., Martin, N., McLeod, A., & Rosen, H. (2019). The development of writing abilities (11-18). Macmillan Education.*
22. *Bunao, J. et al., (2020), Bisa ng wikang Filipino at Ingles sa Sabjek na Araling Panlipunan sa mga Pampribadong Paaralan ng Domaguete City. Sapat na Angkop na Wikang Gamitin sa Pagtuturo ng mga Asignatura sa higit na Pagkatuto ng Mag-aaral: Isang Pagsusuri.*
23. *By Tio Gabunia (B.Arch, M.Arch) and Peer Reviewed by Chris Drew (PhD) / September 3, 2023*
24. *Carolina Escudero, Thomas Andre Prola, Leticia Fraga, Emmanuel Soriano Flores Social Space 23 (2), 507-534, 2023*
25. *Chen, X., & Liu, Y. (2020). The Impact of Machine Translation on Translation Quality: A Study on English to Chinese Translation. Journal of Translation Studies, 8(2), 45-62.*
26. *Christopher J Cocal, Irene De Vera, Christopher Jovido Cocal. The Asian ESP Journal 14 (7.2), 113-131, 2018*
27. *Chua, A. (2019). Innovation in Journalism: Exploring New Media Practices Among Young Journalists. Journal of Media Innovation, 7(2), 45-60.*
28. *Creswell (2007). Qualitative Research and Research Design: Choosing among five approaches (2nd ed.). Thousand oaks, CA: Sage.*
29. *Creswell (2007). Qualitative Research and Research Design: Choosing among five approaches (2nd ed.). Thousand oaks, CA: Sage.*
30. *Creswell (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches.https://www.researchgate.net/publication/31763471_Research_Design_Qualitative_Quantitative_and_Mixed_Methods_Approaches_JW_Creswell*
31. *Creswell (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches.https://www.researchgate.net/publication/31763471_Research_De-sign_Qualitative_Quantitative_and_Mixed_Methods_Approaches_JW_Creswell*
32. *Creswell, J. W. (2012). Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (4th ed.). Boston, MA: Pearson Education, Inc.*
33. *Creswell, J. W. (2012). Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (4th ed.). Boston, MA: Pearson Education, Inc.*
34. *Cruz, M. (2022). Enhancing public speaking and reporting skills through journalism seminars. Journal of Media and Communication Studies, 14(2), 91-105.*
35. *Cruz, M. (2022). The importance of critical thinking in copy reading: A guide for student journalists. Journal of Media Studies, 19(3), 78-92.*
36. *Cruz, M. (2022). Time management challenges among student journalists: Balancing academics and publication responsibilities. Journal of Educational Communication, 17(2), 45-60.*
37. *Cruz, M. (2024). Critical thinking and analysis through reading: The role of printed materials in journalism education. Journal of Filipino Media Studies, 15(2), 85-102.*
38. *David Robie IKAT: The Indonesian Journal of Southeast Asian Studies 2 (1), 119-147, 2018*
39. *De Leon, R. (2023). Practical training in journalism: Impact of workshops on student journalists' skills development. Southeast Asian Journal of Communication, 18(1), 33-50.*

40. *Del Rosario, M. (2022). Foreign language anxiety and its impact on language proficiency among Filipino students. Journal of Language Learning, 12(3), 45-67.*
41. *Del Rosario, M. L. (2019). The Impact of Reading Print Media on Language Proficiency and Journalistic Skills Among Student Journalists. Journal of Communication and Media Studies, 11(3), 72-85.*
42. *Del Rosario, R. (2023). The art of multitasking: How student journalists manage academic and publication duties. Southeast Asian Media Review, 14(3), 92-108.*
43. *Dela Cruz, J. (2019). Challenges in Spelling and Grammar: A Study of Filipino Student Journalists. [Talang Pang-Akademiko].*
44. *Dela Cruz, P. (2024). Burnout and mental health concerns among campus journalists: Causes and solutions. Philippine Journal of Student Affairs, 11(1), 23-39.*
45. *Delos Reyes, P. (2021). Fundamentals of copy editing: Ensuring clarity and accuracy in campus journalism. Southeast Asian Journalism Review, 13(2), 45-60.*
46. *Delos Reyes, P. (2024). Staying relevant: The role of online platforms in modern journalism education. Journal of Media Innovations, 16(2), 55-70.*
47. *Delos Santos, J. (2020). The struggle of multilingual student journalists in writing in Filipino. Southeast Asian Journal of Language Studies, 12(4), 58-73.*
48. *Denzin, N. K., & Lincoln, Y. (2003). The Landscape of Qualitative Research: Theories and Issues (2nd ed.). Sage.*
49. *Drevo, Susan E. The University of Tulsa ProQuest Dissertations Publishing, 2017. 10605088.*
50. *Drok, N. (2016). Beacons of Reliability: European Journalism Students and Professionals on Future Qualifications for Journalists. Journalism Practice, 7(2), 145–162.*
51. *Du, X. (2012). A brief introduction of Skopos theory. Theory and Practice in Language Studies, 2(10). https://doi.org/10.4304/tpls.2.10.2189-2193*
52. *Edmondson, W. H. (1990). Poverty of stimulus or poverty of theory? First Language, 10(30), 263. https://doi.org/10.1177/014272379001003011*
53. *Elento, C., et al. (2018). "Isang Piling Nailathalang Maikling Kuwento sa Wikang Ingles: Pagsasalin at Pagsusuri sa Wikang Filipino."*
54. *Ettikan, I. (2016), Comparison of Convenience Sampling and Purposive Sampling, January 2016 American Journal of Theoretical and Applied Statistics 5(1):1 DOI:10.11648/j.ajtas.20160501.11*
55. *Fairhurst, G. & Sarr, R. 1996. The art of Framing. San Francisco: Jossey-Bass.*
56. *Ferez Vergara, J.L Camancho Dominguez: A "Problems and Challenges in the teaching of Journalistic Writing" pp. 632-641*
57. *Flores, R., & Salazar, D. (2021). Anxiety in writing: The case of Filipino grammar and spelling proficiency. Philippine Journal of Educational Studies, 29(2), 102-119.*
58. *Gambier, Y. (2020). A History of Modern Translation Knowledge: Sources, Concepts, Effects. John Benjamins Publishing Company.*
59. *Garcia, A. (2018). Anxiety and Self-Efficacy in Language Learning: A Study of Journalism Students.*
60. *Garcia, A. (2019). Ethics and Integrity in Journalism: A Comparative Study of Practices in Filipino Newsrooms. Journal of Philippine Media Studies, 7(2), 45-60.*
61. *Garcia, A. (2020). The Role of Online Platforms in Enhancing Journalism Skills among Young Journalists. Journal of Communication Studies, 8(2), 45-60.*
62. *Garcia, J. (2023). Opportunities in journalism: How seminars shape young journalists' careers. Media Education Quarterly, 11(4), 56-70.*
63. *Garcia, L. (2023). Adapting to modern journalism: The role of technology in student publications. Media Innovations Quarterly, 12(2), 66-82.*
64. *Garcia, L. (2023). Mastery of journalism skills: The role of copy reading and copy writing in professional growth. Philippine Media Education Journal, 15(1), 33-50.*
65. *Garcia, L. (2024). Ensuring quality in student journalism through digital tools and resources. Philippine Journal of Digital Communication, 12(1), 41-58.*
66. *Garcia, M. (2024). Improving writing proficiency among student journalists: A focus on Filipino grammar and punctuation. Philippine Journalism Quarterly, 22(1), 66-89.*
67. *Getahun, Dawit Asrat; Hammad, Waheed; Robinson-Pant, Anna Research in Comparative and International Education, v16 n2 p160-180 Jun 2021*
68. *Goffman, Erving. 1974. Frame Analysis: An Essay on the Organization of Experience. New York, NY et al.: Harper & Row*
69. *Gomez, L. (2020). The Impact of Digital Innovation on Storytelling Techniques in Filipino Journalism. Philippine Journal of Communication, 12(3), 112-125.*
70. *Gomez, M. (2019). Strategies in Translating Technological Terms: A Case Study. Journal of Language and Technology, 25(3), 112-125.*
71. *Gonzales, L. (2020). Challenges in spelling proficiency in the Filipino language among professional writers. Southeast Asian Linguistics Review, 8(1), 21-35.*
72. *Grbić, N., & Wolf, M. (1999). Hans J. Vermeer (1996). A skopos Theory of Translation (Some Arguments for and against) . Heidelberg, TEXTconTEXT (Band 1). TTR, 12(2), 196. https://doi.org/10.7202/037381ar*
73. *Gretchen Dworznik-Hoak Journalism Studies 21 (1), 88-106, 2020*
74. *GRUBI & KARAMETI Vizione Arman Jay Caliso Velasquez Journal of Indigenous Languages 1 (1), 1-29, 2023*
75. *Handcock, M. S., Gile, K. J., & Mar, C. M. (2014). Estimating hidden population size using Respondent-Driven Sampling data. Electronic Journal of Statistics, 8(1). https://doi.org/10.1214/14-ejs923*
76. *Hasibuan, Z. (2022). Students' Problems In Translating Narrative Text in IAIN Lhokseumawe. Journal*
77. *Herman M. Patrimonio and Eva M. Machutes, "Challenges Experienced by Campus Journalists in Copy Reading and Headline Writing in Selected Non-Central Schools in Isabela City Schools Division," International Journal of Multidisciplinary Research and Publications (IJMRAP), Volume 5, Issue 10, pp. 72-78, 2023.*
78. *HO CHI MINH CITY OPEN UNIVERSITY JOURNAL OF SCIENCE-SOCIAL SCIENCES 14 (1), 2024*
79. *House, J. (2021). Translation Quality Assessment: Past and Present. London: Routledge.*
80. *Ian Mark P Nibalvos Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. Malay 32 (1), 2019*
81. *INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY RESEARCH AND ANALYSIS*

ISSN(print): 2643-9840, ISSN(online): 2643-9875Volume 06 Issue 06 June 2023

82. Israel, Hephzibah. 2018. "History, Language and Translation: Claiming the Indian Nation." In The Routledge Handbook of Translation and Politics, edited by Jonathan Evans, and Fruela Fernandez, 386–400. New York: Routledge
83. Jatikusumo, B., Rofi'i, A., & Ilyas, R. (2022). Students' Strategies in Overcoming Translating Barrier. Jurnal Education, 8(3), 824-830, doi: 10.31949/educatio.v8i3.2555
84. Junior M. Pacol https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/2164Home / Archives / Vol. 17 No. 2 (2023): The Normal Lights
85. Khan, S. (2020). Qualitative Research: People, Practices and phenomena (Vol. 30). Publications of the University of Eastern Finland General Series.
86. Kovach, B., & Rosenstiel, T. (2021). The elements of journalism: What newspeople should know and the public should expect (3rd ed.). Crown."
87. Kuzniewicz, M. W., Puopolo, K. M., Fischer, A. F., Walsh, E. M., Li, S., Newman, T. B., Kipnis, P., & Escobar, G. J. (2017b). A Quantitative, Risk-Based Approach to the Management of Neonatal Early-Onset Sepsis. JAMA Pediatrics, 171(4), 365. https://doi.org/10.1001/jamapediatrics.2016.4678
88. Lim, R. (2018). Youth and Innovation: A Study of Creative Approaches in Media Production. Journal of Creative Media Studies, 5(1), 78-92.
89. Lim, R., & Rivera, P. (2021). Challenges in Filipino language proficiency among regional student journalists. Philippine Journal of Language and Communication, 15(3), 123-140.
90. Loan, N. H., Nhi, L. T., Quy, L. M., & Trinh, N. D. (2022). The Problem of Finding Equivalent Words While Translating for English-Majored Students (High Quality Program) Course 45. European Journal of Multilingualism and Translation Studies, 2(1), 31-50.
91. Lomidze, M. (2023). "Writer's Journalism" and its Historical Principles. Scientific Journal „Spectri", 1. https://doi.org/10.52340/spectri.2023.13
92. Luisa Graciela Aramburú Moneada, Isaac López Redondo, Antonio López Hidalgo Revista Latina de Comunicación Social, 1-16, 2023
93. Margoluis, R., Stem, C., Salafsky, N., & Brown, M. (2009). Using conceptual models as a planning and evaluation tool in conservation. Evaluation and Program Planning, 32(2), 138–147. https://doi.org/10.1016/j.evalprogplan.2008.09.007
94. McCombs, M. (2003). The Agenda-Setting Role of the Mass Media in the Shaping of Public Opinion.
95. Mendoza, R. (2023). Creating engaging content: The art of copy writing in student publications. Journal of Communication and Media Arts, 21(4), 12-28.
96. Miguel Garces-Prettel, Jesus Arroyave-Cabrera, Adolfo Baltar-Moreno International Journal of Communication 14, 22, 2020
97. Mingwu Xu & Chuanmao Tian. (2020) A case study of translation norm dynamics: a Chinese perspective. Perspectives 28:5, pages 659-673.
98. Minna Kujamäki. (2023) Translation as a professional service: an overview of a fragmented field of practice. Perspectives 31:2, pages 331-346.
99. Miranda, J. (2023). Stress and anxiety in language learning: Implications for Filipino language education. Educational Psychology Quarterly, 33(1), 76-89.
100. Moon, K., Brewer, T., Januchowski-Hartley, S. R., Adams, V. M., & Blackman, D. (2016). A guideline to improve qualitative social science publishing in ecology and conservation journals. Ecology and Society, 21(3). https://doi.org/10.5751/es-08663-210317
101. Muindi, Benjamin Journalism and Mass Communication Educator, v78 n2 p251-266 Jun 2023
102. Munday, J. (2019). Translation as Intervention. Bloomsbury Academic.
103. Nicole Gesualdo, Matthew S Weber, Itzhak YanovitzkyJournalism Studies 21 (1), 127-143, 2020
104. Nida, E. (2020). The Importance of Time in the Translation Process. Journal of Translation Studies, 10(3), 58-72.
105. Nida, E. A. (1964). Toward a Science of Translating. Brill.
106. Oguan, Regine, and Jasper Del Valle. "Grammatical and Mechanical Error Analysis as Tool in Writing Improvement Program for Student Journalists." International Journal of Educational Management and Development Studies, vol. 3, no. 4, Dec. 2022, pp. 134-153, doi:10.53378/352950.
107. Opiniano Jeremia, Rikka Alyssa Daquipil, Patricia Isabella Romarate- Journal of Applied Journalism & Media Studies 10 (3), 315-335, 2021
108. Orpiada, M. (n.d.). Mga Simulain sa Pagsasaling Wika. prezi.com. https://prezi.com/pj-ytg5vcww8/mga-simulain-sa-pagsasaling-wika/
109. Pamela J. Shoemaker, Timothy Vos Copyright 2009 1st Edition of Gatekeeping Theory
110. Perez, L. (2022). Exposure to formal writing in Filipino: Effects on student journalists' writing confidence. Asian Communication Research, 10(2), 47-65.
111. Piaget, J. (1952). The Origins of Intelligence in Children. New York: International Universities Press.
112. Pym, A. (2020). Translation in Language Teaching and Assessment. John Benjamins Publishing Company.
113. Ramirez, L. (2023). Online research and its impact on student journalists' development. Southeast Asian Journalism Review, 14(3), 28-43.
114. Ramirez, L. (2024). Building language proficiency in journalism through deep reading of Filipino printed materials. Southeast Asian Journal of Language and Communication, 19(1), 44-58.
115. Ramirez, L. (2024). The role of time management in the success of student journalists. Southeast Asian Journal of Communication, 18(2), 44-59.
116. Ramos, S. (2021). Empowering student journalists through workshop participation: A developmental perspective. Journal of Educational Communication, 16(2), 48-62.
117. Reyes, A. (2022). Social media exposure and its effects on spelling proficiency among Filipino students. Asian Journal of Language and Literature, 15(4), 53-78.
118. Rivera, L. (2021). The Impact of Journalism Workshops on Student Journalists' Skills and Confidence
119. Rosa, R. N., Amri, Z., & Zainil, Y. (2020). Translation strategies used by student translators in solving equivalence finding-related problems. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 411, 394-401.
120. Rudin, R., & Ibbotson, T. (2019). Introduction to journalism. Routledge.

121. Ruggiero, T. E. (2000). Uses and Gratifications Theory in the 21st century. Mass Communication & Society, 3(1), 3–37. https://doi.org/10.1207/s15327825mcs0301_02
122. Ruth Moon Journalism & Mass Communication Quarterly 98 (3), 790-807, 2021
123. Sadia Jamil Journal of Applied Journalism & Media Studies 9 (3), 271-291, 2020 Journal of Applied Journalism & Media Studies, Volume 9, Issue 3, Oct 2020, p. 271 – 291
124. Safarie, M. (2022). Time management skills of student journalists: Balancing academics and journalism. Journal of Student Media Studies, 14(3), 62-77.
125. Sánchez, L. J. A. (2019). Ilang Eksplorasyon sa Pag-Aaral ng Kulturang Popular sa Filipinas. Kritika Kultura. https://doi.org/10.13185/kk2020.03318
126. Santiago, J. (2021). Challenges in student journalism: Research, writing, and revising under pressure. Asian Journal of Campus Journalism, 10(4), 37-52.
127. Santos, A. P. (2020). The Role of Copy Editing in Enhancing Journalistic Quality: A Study on Student Journalists. Journal of Media Studies, 15(2), 45-58.
128. Santos, A. P. (2022). The role of language proficiency in effective journalism education.
129. Santos, K. (2024). Headline writing and content development: Key strategies for student journalists. Philippine Press Journal, 22(2), 69-85.
130. Santos, L. (2024). Technical training in journalism: Preparing young journalists for real-world reporting. Philippine Media Journal, 20(1), 98-115.
131. Santos, M. (2020). The Role of Integrity in Enhancing Credibility in Filipino Media. Philippine Journal of Communication, 12(3), 112-125.
132. Santos, P. (2021). Improving grammar and language skills through reading: A guide for student journalists. Journal of Filipino Studies, 12(4), 33-47.
133. Santos, P. (2021). The role of academic materials in shaping Filipino spelling proficiency. Philippine Linguistic Studies, 10(2), 85-99.
134. Santos, P. (2023). Learning from the web: How online content shapes writing styles of young journalists. Journal of Communication and New Media, 19(4), 67-82.
135. Scheufele, D. (2000). Agenda setting, priming, and framing revisited: Another look at cognitive effects of political communication. Mass Communication & Society. 3(2-3), 297-316.
136. Scheufele, Dietram A. 1999. "Framing as a Theory of Media Effects." Journal of Communication 49 (4): 103-22.
137. Serge PJM Horbach Quantitative Science Studies 1 (3), 1056-1067, 2020 Medical journals strongly speed up their publication process for COVID-19
138. Shilpa, K.; Kumari, A.; Das, M. M.; Sharma, Tanushree; Biswal, S. K.Journalism and Mass Communication Educator, v78 n2 p267-288 Jun 2023
139. Simon, S. (2019). Speaking Memory: How Translation Shapes City Life. McGill-Queen's University Press.
140. Smith, J. (2021). The Role of Online Resources in Translation. Translation Journal, 15(1), 35-48.
141. Sniukas, M. (2020). Research design and methodology. In Contributions to management science (pp. 45–65). https://doi.org/10.1007/978-3-030-50100-6_3
142. Tan, A. (2021). Time Management Challenges and Strategies Among Student Journalists. Journal of Communication Studies, 10(2), 45-60.
143. Tan, J. (2020). Fear of Public Speaking Among Journalism Students: A Comparative Study.
144. Tan, R. (2018). Challenges and Strategies in Upholding Integrity in Filipino Journalism. Asia-Pacific Journalism Review, 25(1), 78-92.
145. Tan, Z. X. (1989). Nida and His Translation Theory. Journal of Foreign Languages, No. 5, 30-37+51.
146. Tolentino, R. B. (2014). Media at lipunan: Ugnayan ng midya at pulitika sa Pilipinas. University of the Philippines Press.
147. Torres, R. (2022). Understanding social issues through reading: The importance of printed materials in journalism education. Philippine Journal of Communication, 18(2), 99-114.
148. Tymoczko, Maria. (2019). Enlarging Translation, Empowering Translators. Routledge.
149. Van Rijen, D., & Hoor, G. a. T. (2022). A qualitative analysis of facilitators and barriers to physical activity among patients with moderate mental disorders. Journal of Public Health, 31(9), 1401–1416. https://doi.org/10.1007/s10389-022-01720-4
150. Venuti, L. (2020). The Importance of Broad Knowledge in Translation. Translation Review, 16(2), 145-158.
151. Viererbl, B. (2023). Writing for the audience or for public relations? How lifestyle editors perceive expectations about their professional role and manage potential for conflict. Journalism, 24(7), 1593-1609.
152. Villanueva, J. (2022). The internet as a tool for research and journalism. Asian Journal of Journalism and Mass Media, 10(2), 34-49.
153. Villanueva, J. (2024). Building credibility in journalism through copy reading and writing expertise. Asian Journal of Journalism and Mass Communication, 11(1), 39-58.
154. Villanueva, J. (2024). Effective time management strategies for student journalists. Journal of Media Education, 20(1), 93-107.
155. Wang, L. (2019). The Role of Understanding the Main Idea in Translation. Journal of Translation Studies, 7(1), 32-45.
156. Wardana, L. A., Baharuddin, B., & Nurtaat, L. (2022). Kemampuan Mahasiswa melakukan post-editing terhadap Hasil Terjemahan Machine Translation. Jurnal Ilmiah Profesi Pendidikan, 7(1), 53–61. https://doi.org/10.29303/jipp.v7i1.392
157. Wardhana, Dian Eka Chandra; Hindarto, Kanang Setyo Education Quarterly Reviews, v5 n2 p35-39 2022
158. Yin, R. (2014). Case Study Research Design and Methods (5th ed.). Thousand Oaks, CA: Sage. 282 pages. March 2016 Canadian Journal of Program Evaluation 30(1) DOI:10.3138/cjpe.30.1.108
159. Yusrie, C. S., Ernawati, E., Suherman, D., & Barlian, U. C. (2021). Pengembangan Kurikulum dan Proses Pembelajaran Pendidikan Tinggi: Reslaj : Religion Education Social Laa Roiba Journal, 3(1), 52–69. https://doi.org/10.47467/reslaj.v3i1.276
160. Zanettin, F. (2019). Translation in Times of Disruption: An Interdisciplinary Study in Translational Resilience. Palgrave Macmillan.